Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan
Banal na Apostolikong Pamunuan El Palmar de Troya



# Mga Mensaheng ibinigay kay Clemente Domínguez y Gómez ngayon Papa San Gregoryo XVII Ang Napakadakila, tungkol sa Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo

*Patriarkado ng Palmar de Troya Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha*

# ISTORIKONG DATOS

## TUNGKOL SA MGA KAGANAPAN BAGO ANG UNANG MGA BISYON AT APOSTOLIKONG MGA MISYON NG SEER NG EL PALMAR DE TROYA, CLEMENTE DOMÍNGUEZ Y GÓMEZ,NGAYON PAPA SAN GREGORYO XVII ANG NAPAKADAKILA



*Bilang introduksyon sa mga libritong ito tungkol sa mga Bisyon at mga Mensaheng ibinigay ng Langit sa seer na si Clemente Domínguez, ang isang maikling paliwanag ay inihanda para makapagbigay ng ideya sa babasa, na pinakaposibleng eksakto, sa mga buwan bago ang mga pangyayaring buhat sa langit at Apostolikong Misyon ng lalakeng ito na pinili ng Diyos.*

Si Manuel Alonso Corral ay nakilala si Clemente Domínguez sa Sevilla noong ika-18 ng Mayo 1968, sa sandaling pasiya ng Probidensya, para malaman niya, masundan at makibahagi sa mga yugto ng kanyang buhay bilang isang seer.



Dahil sa kanyang gawain, si Manuel Alonso Corral ay lumipat mula sa Madrid, kung saan siya ay nanirahan sa mahigit dalawampung limang taon, at dumating sa lugar na ito ng Mariano, makasaysayan at magandang lungsod ng Sevilla noong ika-15 ng Enero 1968.

Simula sa araw na makilala niya si Clemente, ang kanilang pagkakaibigan araw-araw ay nagiging matalik at mas sinsero. Si Clemente ay ipinanganak sa lungsod na ito ng Sevilla, sa Kalye Santander numero 13, ngayon numero 5, may kalapitan sa Katedral, noong ika-23 ng Abril 1946. Siya ay nagtrabaho sa isang opisina bilang isang tagatuos at namuhay ng payak lamang.

Sa mga unang araw ng kanilang pagiging magkaibigan, makaraan ang pag-uusap nila, ay isiniwalat ni Clemente sa kanya na sa loob ng isang linggo ay nagkaroon siya ng dalawang panaginip: Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa kanya at sinuotan siya ng isang puting abito ni Santo Domingo. Sinabi ito ni Clemente sa kanya sa napakanatural na paraan lamang. Hindi ito masyadong binigyang pansin ni Manuel. Subali't si Clemente, sigurado sa pagiging transendente ng mga panaginip na ito, ay mariing inulit: 'Ako ay magiging isang Dominican.'

Nguni't bago ipagpatuloy ang maikling paliwanag na ito kay Clemente, ay bibigyan muna natin ang magbabasa ng isang maikling paglalarawan sa simula ng mga Aparisyon mula sa Langit sa El Palmar de Troya.

**Noong ika-30 ng Marso 1968**, ang Pinakabanal na Birhen ng Carmel ay nagpakita sa unang pagkakataon sa apat na mga kabataang babae mula sa nayon: Rafaela, Ana, Josefa at Ana, sa ibabaw ng isang puno ng lentisko, sa propyedad ng "La Alcaparrosa". Ang punong ito na tinatawag na lentisko o 'mastic-tree' ay marami sa propyedad. Wala nang natira pa sa puno ng lentisko sa mga unang aparisyon, dahil ang mga deboto noon ay pinuputol ang mga sanga bilang mahalagang mga relikya. Isang malit na Krus na kahoy ang inilagay sa eksaktong lugar, at sa palibot nito ay maraming mga panalangin ang dinasal at ang mga seer ay tumanggap ng mga pagbisita mula sa langit. Sa paraang ito ang lugar na pinili ng Pinakabanal na Birhen sa Kanyang unang aparisyon ay napanatili. Hindi nagtagal, si Clemente na noon ay isa na ring seer, ay inilagay sa lugar ng Lentisko ang Banal na Mukha ni Hesus at ang Imahen ng Ating Ina ng Palmar.

Ang propyedad ng mga Aparisyon ay napapaloob mga isang kilometro mula sa nayon ng El Palmar de Troya, na nasa mga labinlimang kilometro ang layo mula sa Utrera at nasasakop ng probinsiya ng Sevilla, Espanya.

Makaraan ang unang apat na mga babaeng kabataan, ay may iba pang naging mga seer.

Nang si Manuel ay makilala si Clemente, si Manuel ay dati nang bumisita sa Lugar ng mga Aparisyon, dahil lamang sa kuryosidad, nguni't mayroon ding respeto at interes. Nabanggit niya kay Clemente ang tungkol sa El







Palmar, na nabisita na rin niya, at sila ay naglakbay sa lugar ng mga Aparisyon sa sasakyan ni Manuel. Sa iba't-ibang ginawa nilang pagdalaw sa loob ng taong 1968, ang kanilang pagtingin ay isang kuryosidad na may respeto, dahil sa kanilang mga puso ay inaamin nilang maaari ngang may nagaganap na supernatural.



**Noong ika-15 ng Oktobre 1968.** Napagsabihan sila sa pamamagitan ng isa sa mga seeress na ang Pinakabanal na Birhen ay nanawagan sa marami na pumunta ng araw na iyon sa El Palmar. Sina Clemente at Manuel ay pumunta kinagabihan. Nang sila ay dumating ay tapos na ang lahat, dahil ang oras ay halos alas 11:00 na ng gabi. Gayunman, may isang hindi magandang naghihintay sa kanila sa mga oras na iyon. Pagdating nila sa may pasukan sa propyedad ay napansin nila ang ilang mga tao ay naroroon pa. Sila ay kumikilos na parang sumasayaw paikot sa isang babae habang umaawit ng Ave Maria ng Rosaryo, na nasasalitan ng nakakainsultong bugso ng tawanan, mga halakhak at makaimpiyernong palakpakan. Ang nakakikilabot na panoorin ay naaaninag sa distansyang iyon salamat sa mga kandilang nakasindi roon. Hindi na sila nagtangkang tumuloy pa sa Lentisko. Nagdasal na lamang sila ng ilang Ave Maria at bumalik na sa Sevilla. Ilang panahon ang lumipas ay nabalitaan nila na isang baliw na babae, na walang nakakikilala, ang naghasik ng kaguluhan doon sa mga presente sa pagsasabing siya umano ang katawang tao ng Birhen ng Pillar.



Simula sa petsang iyon, si Clemente at si Manuel ay tumigil na sa pagbisita sa El Palmar.



**Subali't, sa unang mga araw ng tag-init ng 1969**, salamat sa isang artikulong nailathala sa pahayagang ABC ng isang Heswitang Pari sa pagtatanggol sa El Palmar, sila ay muling nakadama ng interes sa mga supernatural na kaganapan. Naragdagan pa ito dahil

sa isa pang patalastas, na nalathala rin sa ABC, ng isang matanda nang Brother Nectario Maria, kinikilalang may kaalaman, may imbitasyong magsalita na ibibigay niya sa La Salle Institution sa Kalye San Luis 35, sa Sevilla. Sina Clemente at Manuel ay pumunta para makinig sa pagsasalita. Maraming bilang ng mga tao ang naroon, kasama sa kanila ay si Don Antonio Vota at ang kanyang asawa. Si Brother Nectario Maria ay nagbigay ng interesanteng buod ng mga kaganapan sa El Palmar, kasama ng dokumentaryong ebidensya. Pagkatapos ng presentasyon, sila ay nagkaroon ng maikling pakikipag-usap kay Brother Nectario Maria, at lalo pa silang nakumbinsi na ang mga Aparisyon ay maaaring totoo.



**Ang importanteng araw, samantala, sa istorikong paglalarawang ito, ay noong ika-15 ng Agosto 1969,** Kapisthan ng Pag-akyat sa Langit ng Birhen. Sa umaga, si Clemente at si Manuel ay umalis para magpalipas ng araw sa isang baybayin sa Cadiz. Subali't habang nasa daan ay nagpasiya silang dumaan muna sa El Palmar de Troya. Isang grupo ng mga tao ay naghihintay doon sa isang Paring Heswita, na may posibilidad na magdaos ng Misa kinahapunan. Hindi nagtagal ang Pari ay dumating. Nakipag-usap sila sa kanya at nagdesisiyong manatili na lamang doon sa buong araw.



Maraming mga perigrino ang pumunta roon kinahapunan. Ang Heswitang Pari ay nagdaos ng Banal na Misa sa Altar doon katabi ng hangganang pader, sa labas ng lugar ng Aparisyon.

**Habang nagmimisa, ang isang seeress ay nagkaroon** ng isang bisyon sa Pinakabanal na Birhen. Iyon ang unang pagkakataon na ang dalawa ay naroon na may ekstasi, kahit na hindi sila gaanong malapit sa seeress. Tumanggap sila ng Banal na Komunyon nang may









malaking debosyon at nakumbinsing ang mga Aparisyon sa El Palmar ay tunay.

**Pagkaraan ay pumunta sila sa Lentisko,** kung saan ang isa pang seeress, nasa kahanga-hangang ekstasi, ay nakikita ang Panginoon. Kapagdaka ay may narinig silang makapangyarihang tinig, kay Brother Nectario Maria, na nagsabi nang may katiyakan: "Si Kristo ay presente dito!" Si Clemente at si Manuel ay nangatal. Iyon ang unang pagkakataon na narinig nilang ang Panginoon ay nagpapakita sa El Palmar. Nasaksihan din nila ang bisyon ng isa pag seeress, at nakaramdam ng nakalalasing na bango mula sa langit.

**Simula noon, ang kanilang mga pagbisita sa El Palmar** ay halos araw-araw na. Nakilala nila nang lubos ang mga seer, at nakatanggap ng mga pruweba ng kanilang katotohanan.







Napakasignipikante ang madalas na mga atensyong ibinibigay ng Panginoon at ng Pinakabanal na Birhen kay Clemente sa pamamagitan ng ibat-ibang mga seer ng El Palmar, pinili siya sa espesyal na paraan at ipinakikita ang espesyal na pagtatangi sa kanya. Walang anumang duda, ay inihahanda ng Langit ang daan para sa isa na kung kanino ang pinakaimportanteng mga Mensahe ay ipagkakatiwala.

Tingnan natin ang ilang ganitong mga kaganapan:


Ang isa sa mga seeress ay sinabi kay Clemente na ang Birhen ay sinabihan siya na siya ay magkakaroon ng mga bisyon isang araw at siya ay magdurusa nang malaki.

**Isang gabi sa Lentisko ay naroon ang isang seeress** kasama ang kanyang asawa, isa pang seeress, si Clemente Domínguez, isang mag-asawa mula sa Jerez, iba pa at si Manuel. Habang dinarasal ang Banal na Rosaryo, ang dalawang mga seeress ay nagkaroon ng ekstasi. Sa pamamagitan ng dalawang seeress, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay tinawag si Clemente para lumapit sa Kanya. Ang mga seeress ay hindi naglakas ng loob na magsalita.

Subali't si Clemente ay nakaramdam ng panawagan tulad sa interior na lakas na itinutulak siya palapit sa Lentisko. Ang Birhen ay lumapit sa kanya, inilagay ang Kanyang mga Kamay sa ibabaw ng kanyang ulo at tinakpan siya ng Kanyang buong katawan. Ang isa sa mga seeress ay nagsabi: "Tingnan ninyo...tingnan ninyo!" Sila ay parehong nakikita ang nagaganap.



Ang parehong kaganapan ay nangyari rin makalipas ang ilang araw tungkol sa Panginoon, sa pamamagitan ng isang seeress na nasa ekstasi. At sa iba pang maraming mga paraan ang Langit ay nagbigay ng paulit-ulit na mga atensyon kay Clemente sa pamamagitan ng ibang mga seer.




**Isang hindi makakalimutang araw para kay Clemente at kay Manuel ay noong ika-14 ng Septyembre 1969,** Kapistahan ng Eksaltasyon ng Banal na Krus. Noon ay gabi na. Bago nito, sila ay nakasaksi sa ekstasi ng isang seeress, na nakapuno sa kanila ng malaking kapayapaan. Nguni't ang demonyo, ginamit ang isang presente roon, ay binalisa ang kaluluwa ni Manuel, pinuno siya ng mga pag-aalinlangan. Sina Clemente at Manuel ay pumunta sa kalsada. Dalamhating pagkalito ang pumuno sa isipan ni Manuel at napasigaw siya: "Hindi na ako babalik sa El Palmar hangga't hindi ako tinatawag ng Birhen!" Napaiyak si Clemente. Dagli, isang napakamakapangyarihang liwanag ang nakita sa abot-tanaw, dahan-dahang lumalapit hanggang dumapo sa Lentisko, pumorma ng isang malaking Krus sa ibabaw ng maliwanag na mga bulaklak at may

kahanga-hangang ningning. Hindi maipaliwanag ang emosyon. Sina Clemente at Manuel ay tumakbo pabalik sa Lentisko. Subalit sa kalagitnaan, ang kahanga-hangang bisyon ay nawala. Tinanong nila ang tatlong mga tao na nagdarasal doon kung may nakita silang anuman. Tiningnan nila sila nang may

pagkasorpresa, sumagot ng wala. Ang isang seer ay naroon din; kinompirma niya ang bisyon, at kasalukuyang pumasok sa isang kahanga-hangang ekstasi.



**Nagpatuloy silang pumunta sa El Palmar.** Sina Clemente at Manuel ay nagdasal ng Daan ng Krus araw- araw, at kung minsan ay nangunguna sa mga panalangin sa Lentisko, at iyon ay nakatuwa sa mga tao roon, lalo na sa mga seer. Nagkaroon sila ng oportunidad na makita sa maraming pagkakataon ang mga ekstasi ng unang apat na kabataang mga babae, na may ekstraordinaryong pagkamakatarungan. Nakilala nila at nagkaroon ng magandang pakikipagkaibigan sa isa sa ibang mga seeress, na ang mga ekstasi ay nagbigay sa kanila ng malaking kapayapaan sa kaluluwa. Nasaksihan din nila ang ibang mga bisyon ng ibang mga seer.

Ipinaalam ni Clemente ang kanyang hangaring makita ang Birhen. Madalas niyang ipinagdarasal ito.



**Noong ika-30 ng Septyembre 1969** nang si Clemente ay nagkaroon ng kanyang unang bisyon. Isang taon at kalahati ang nakaraan simula ng unang Aparisyon sa El Palmar.

**Marami-raming mga tao ang nagdarasal sa Lentisko,** kasama ang isang seeress. Nagsisimula nang dumilim. Kapagdaka ay may narinig silang buntong-hininga mula kay Clemente, at sinabi niyang nakakakita siya ng mga pigura ng dalawang tao, isang mataas at ang isa ay mas mababa, naglalakad patungo sa Lentisko mula sa mataas na bahagi ng propyedad. Ang dalawang mga pigura na madilim, na ang mga mukha ay hindi makilala ng seer, ay tumigil ng ilang metro mula sa Lentisko. Si Clemente, habang nakikita sila, ay nalalaman ang lugar at ang mga taong nakapaligid sa kanya. Naunawaan niya ayon sa mga detalye, na parang malabo, ng kanilang mga katawan, na sila ay ang Panginoon at si Padre Pio. Pagkatapos ng bisyon, ang seeress na nakita rin ang aparisyon ay kinumpirma na sila nga ang Panginoon at si Padre Pio.



Ilang araw ang lumipas, siya ay nagkaroon ng kaparehong bisyon, at sa parehong mga pangyayari, kasama ang isang seeress.

**Mula sa mga sandaling ito**, si Clemente ay nagkaroon na ng mga bisyon nang madalas. Nakita niya rin ang Birhen, si San Jose at ibang mga Santo, nguni't sa parehong paraan tulad ng unang dalawang mga bisyon: madilim at hindi makita ang kanilang mga mukha nang maliwanag.

**Ika-8 ng Disyembre 1969**, Kapistahan ng Imakuladang Paglilihi, ay isang memorableng araw para kay Clemente. Sa umaga si Clemente at si Manuel ay pumunta sa El Palmar para manatili roon sa buong araw. Nakasama nila ang malaking bilang ng mga tao roon.

**Sa kalagitnaan ng umaga, si Clemente ay pumasok** sa isang ekstasi sa bisyon ng Imakuladang Birhen. Ilang minutos ang dumaan, ang Panginoon ay nagpakita, bilang Kristong Hari. Iyon ang unang pagkakataon na nakita ng seer ang Panginoon at ang Birhen nang malinaw. Nakita niya ang lahat ng detalye ng kanilang mga pigura at mga mukha nang perpekto. Si Clemente ay napaluhod sa lupa sa masidhing kagalakan, na nawala ang lahat ng kanyang pandama. Simula sa petsang iyon, sa lahat ng mga bisyon ni Clemente, siya ay nagkaroon na ng malinaw na pagkakita.

**Subali't sa gabi, noon ay madilim na,** ay inaliw siya ng Langit ng mas magandang mga bisyon. Una ay nagpakita ang Pinakabanal na Birhen, napapaligiran ng mga Anghel, na dala ang Abito ng Orden ni Santo Domingo. Hindi nagtagal ay nagpakita ang Panginoon, at sumunod ay isang Santo. Ang Panginoon ay tinuro sa seer na iyon ay si Santo Domingo. Ang Banal na Pundador ng mga Dominicans ay ibinalita kay Clemente ang presensya ni San Jose, na nakita na rin. Sa unang pagkakataon ay narinig ng seer ang tinig ng Panginoon, ng Birhen at ng dalawang mga Santong iyon.

Ang bisyon, gayunman, ay naging mas kahanga-hanga. Tinanggap ni Clemente ang puting Abito ni Santo Domingo mula sa mga kamay ng Pinakabanal na Birhen, na



dinala ng mga Anghel at isinuot sa kanya. Hindi nagtagal ay natanggap niya ang banal na mga kasuotan ng isang Pari, at inusal ang mga bahagi ng Misa sa Latin na idinikta sa kanya ni San Jose, maliban sa Konsagrasyon. Para hindi magkamali ng interpretasyon ang mga nagbabasa, kinakailangang sabihin na ang lahat ng ito ay naganap sa pamamagitan ng mistikal na paraan, dahil nakita ng seer ang kanyang sarili sa ganoong kasuotan sa bisyon. Iyong mga nakapaligid sa seer ay nakita lamang ang kanyang mga kilos at narinig ang kanyang boses. Ang ekstasing ito ay hindi maipaliwanag ang ganda at makabagbag damdamin.

**Natanggap ni Clemente ang kanyang unang** Mensahe mula sa mga labi ni Santo Domingo noong ika-10 ng Disyembre 1969, na inirerekomenda ang pagdasal ng Rosaryo ng mga Ama Namin.

**Isang napakasignipikante, samantala**, ay naganap ng araw na iyon. Nang sila ay dumating sa El Palmar, ang pasukan patungo sa lugar, na nasa tabi ng malaking Krus sa nakapalibot na pader, ay sarado. Iyon ang unang pasukan. Si Clemente ay nagkaroon ng ekstasi. Nakita niya si San Jose na gumagalaw mula sa Lentisko papunta sa pader, malapit sa amin. Dito ang parehong pagdaos ng Misa na tinukoy noong ika-8 ay naulit, tulad ng mga naganap sa ibang mga okasyon pagdaan ng mga araw. Ang Panginoon at si Santo Domingo ay nagpakita rin. Nang matapos ang ekstasi, ay nakita ng lahat na ang isang daanan ay nabuksan, iyong hanggang sa ngayon ay nakikita. Hindi sila makapaniwala, dahil wala ni isa man ang nakarinig ng kahit kaunting ingay. Tanging si Don Antonio Vota ang nagsabi sa amin na habang nasa ekstasi si Clemente, siya ay pumunta para ilagay ang kanyang kamay sa pader at iyon ay bumagsak. Nakapagtataka, dahil iyon ay napakatibay para basta na lamang bumagsak. Sinabi ni Clemente na si San Jose ay tumayo sa pader doon mismo sa bagong daanan. Naunawaan ng lahat na ang Santong ito ang nagbukas nito. Hindi sila naglakas- loob na pumasok. Sa wakas sila ay pumasok sa loob ng propyedad na may kaunting pagkatakot at, nang sila ay nakakailang hakbang pa lamang, ay nakita ni Clemente si San Jose na, buhat sa pasukan, sa pamamagitan ng







kanyang tungkod ay sinenyasan silang pumunta sa Lentisko.

**Noong ika-12 ng Disyembre 1969**, si Clemente ay nagkaroon ng bisyon kay Santo Domingo, na nagsabi sa kanya: "Tingnan mo ngayon sa aking kanang kamay ang Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo. Tingnan mo, aking anak, ang Mukha Niya na ibinigay ang lahat, hanggang sa Kanyang huling hininga, para sa iyong mga kasalanan at para sa mga kasalanan ng buong mundo." At ang Banal na Mukha ni Hesus ay nagpakita, kahapis-hapis at nagdurugo. Si Santo Domingo pagkaraan ay ibinigay sa kanya ang importanteng Mensahe tungkol sa Banal na Mukha: ang pagpapakalat ng Banal na Mukha sa iba't-ibang dako ng mundo, ang Banal na Daan ng Krus at ang Reparatori Komunyon sa bawa't Unang Huwebes, paggawa ng reparasyon para sa mga kalapastanganang nagawa sa Banal na Mukha ng Ating Panginoon.

**Hanggang mailagay ang Banal na Mukha** sa Lentisko, sila ay dating nagdadala ng isang larawan ng Mukha ng Panginoon, kung saan sa harap nito ay nagdarasal sila. Madalas na mangyari na si Clemente, sa kanyang mga ekstasi, ay kinukuha ang larawan at sa pamamagitan ng kanyang mga kamay, ay itinataas ito at binabasbasan ang lahat, sa Latin, ayon sa sugo ng Panginoon. Si Clemente, nang siya ay musmos pa, ay kasapi sa Kongregasyon ng Banal na Mukha na nakabase sa Parokya ng San Clemente (ng Tabernakulo, na karugtong ng Katedral) Ang Parokyang Simbahang ito, kung saan ay bininyagan si Clemente, ay pinamumunuan ng isang pinta ng Banal na Mukha at ng isang imahen ni Papa San Clemente sa Altar Mayor.

**Ang Banal na Mukha sa Lentisko**, sa utos ng Langit kay Clemente, ay inilagak noong ika-2 ng Pebrero 1970. Ang Imahen ng Divina Pastora ay inilagak at binasbasan noong ika-1 at ika-2 ng Marso 1972. Ang Ating Ina ng El Palmar ay inilagay sa dambana sa Lentisko noong ika-12 ng Septyembre 1972.

Kasama ng kahanga-hangang mga bisyon ni Clemente sa loob ng maraming mga taon, ay natanggap niya rin ang grasya ng stigmata ng Pasyon ni Kristo: sa kanyang mga kamay, sa kanyang noo, sa kanyang ulo



at sa kanyang kanang tagiliran, mga misteryong nauulit sa maraming mga pagkakataon. Natanggap niya ang iba sa mga stigmatang ito sa harap ng maraming madalas pumunta sa Banal na Lugar ng El Palmar de Troya.

**Dahil sa mga Mensaheng Buhat sa Langit** na natanggap ni Clemente, ay nagkaroon siya ng mga panayam sa pinakaimportanteng mga Prelado ng Romanong Simbahan, na ang karamihan noon ay napakasama, sa Espanya at sa iba pang mga bansa sa Europa at Amerika. Dahil sa ugali nilang katigasan ng ulo, siya ay nanindigan sa marami sa mga Preladong iyon at ipinaglaban ang mga karapatan ng Diyos at ng Simbahan alinsunod sa tagubilin ng Ating Panginoon at ng Birheng Maria. Sa maraming mga pagkakataon, ay binisita niya si Kardinal San Alfredo Ottaviani sa kanyang residensya sa Roma, para ipaabot niya ang mga Mensahe kay Papa San Pablo VI tungkol sa Simbahan at sa sariling pagigi niyang Papa. Sa ilan sa mga Mensaheng iyon, ang mga pangalan at mga detalye ng mga traydor na kardinal at obispo ay ibinigay. Sa isang pagkakataon, sa lubos na pagpapakita ng tapang, ay ibinigay ni Clemente Domínguez ang mga Mensahe ng El Palmar kay Papa San Pablo VI mismo sa isang pagharap nito sa mga tao. Ang maluwalhating Papa na ito, San Pablo VI, na alam ang mga Aparisyon at mga Mensahe mula sa Langit, kahi't kailan ay hindi kinondena ang Gawain ng El Palmar de Troya. Si Clemente ay biktima ng malaking persekusyon, na pinasimulan ng mga kaaway ng El Palmar. Kahi't sa Lugar ng Aparisyon mismo, siya ay inuusig ng maraming pumupunta nang madalas sa Sagradong Lugar. Ang dapat na bigyan ng malaking sisi ay ang ibang mga seer mismo, na kubardeng ipinagkanulo ang kanilang sariling mga Mensahe, at sa paraang iyon ay napapawalang kredito ang mga natatanggap ni Clemente. Si Clemente Domínguez y Gómez ay ang dakilang tagapagtanggol ni Papa San Pablo VI, at may tapang at paninindigan ay inihayag sa mundo na ang Papa ay biktima ng Batikanong freemasonry, at na ang mga freemasons doon ay binibigyan ng malalakas na druga siya para mapawalang- bisa ang kanyang sariling determinasyon.


San Pablo VI


San Alfredo Ottaviani

**Noong ika-23 ng Disyembren 1975,** ang noon ay Clemente Domínguez y Gómez ay ipinundar ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ayon sa utos ng Panginoon. Ang mga kasapi ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay ang Marianong mga Apostoles sa Huling mga Panahon, na tinatawag ding mga Tagapasan ng Krus. Ito ay ang huli at tanging Relihiyosong Orden ng Huling mga Panahon, at ang tunay na tagapagpatuloy ng Orden ng Bundok ng Carmel na ipinundar ng Banal na Propetang Elias at sa huli ay reneporma ng dakilang Doktora Santa Teresa ni Hesus. Sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay napapaloob ang ispiritu ng lahat ng Relihiyosong mga Orden na ipinundar sa buong kasaysayan ng Simbahan. Ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay napapalooban ng tatlong mga sangay: una, ang mga Prayle; pangalawa, ang mga Madre; at pangatlo, ang mga Tersyaryong mananampalataya. Ang lahat ng mga kasapi ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan ay kasama, ang bawa't isa sa kanyang sariling sangay, dito sa huling Relihiyosong Orden. Kung paano ang sinaunang Orden ng Carmelitas ay inihanda ang Unang Pagdating ni Kristo bilang Mesiyas, gayundin ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay naghahanda sa Ikalawang Pagdating ni Kristo para husgahan ang bawa't isa at itayo ang Mesyanikong Kaharian. Ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay may pangunahing mga misyon: ang paghanda sa Ikalawang Pagdating ni Kristo at ang mahigpit na paglaban sa Antikristo at sa kanyang infernal na mga kampon.

**Noong ika-1 ng Enero 1976,** sa Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya, si Clemente ay inordinang Pari ni Arsobispo San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc at, noong ika-11 ng Enero ng taon ding iyon, ay kinonsagrang Obispo ng parehong Prelado, na dumating galing pa sa Roma para gawin ang transendenteng misyon na ito. Makaraang siya ay makonsagra bilang Obispo, si Padre Clemente Domínguez ay nagsagawa ng






maraming mga ordinasyon at mga konsagrasyon, kung saan ay nakabuo ng Kalipunan ng Palmaryanong mga Obispo. Ang lahat ng mga ito ay ang siyang naging dahilan ng malupit na persekusyon, sa panunulsol ng herarkiya ng opisyal na Romanong Simbahan, na umabot sa, noong ika-6 ng Abril 1976, si Padre Clemente Domínguez, kasama si Padre Manuel Alonso at iba pang mga Obispo at mga Pari niya, ay umalis sa Espanya para sa pagpapatapon, sa utos ng isang huwes ng Utrera, dahil sa madalas na panggigipit mula sa apostatang Kardinal ng Sevilla, José María Bueno Monreal, isang malupit na tagausig sa mga Aparisyon ng El Palmar de Troya, sa kabila ng maraming mga ebidensiya na kanyang natanggap sa katunayan ng mga Aparisyong ito. Noong ika-29 ng Mayo 1976, sa isa sa kanyang walang kapagurang apostolikong mga paglalakbay, si Padre Clemente Domínguez ay nawalan ng paningin sa parehong mga mata sa isang aksidente sa sasakyan, isang hindi maisip na pagdurusa para sa kanya. Gayunpaman, ngayon na isa nang bulag, siya ay nagpatuloy sa kanyang mainit na apostolado sa iba't-ibang dako ng Espanya at ibang mga bansa sa Europa at Amerika tulad nang dati, at sa kanyang mga sermon ay ipinahayag ang Tunay na Pananampalataya, Tradisyon at Banal na mga Moral, matatag na ipinagtanggol si Papa San Pablo VI, na inaatake ng mga progresibista at mga tradisyonalista, at kinondena higit sa lahat ang mga erehya at mga kasamaang ikinakalat ng mga kardinal at mga obispo mula sa Batikano at iba't-ibang mga diyosesis. Ang Obispo Primado ng El Palmar de Troya, una ay Padre Clemente at bandang huli ay may pangalang Padre Fernando, ay ang tinig na nananawagan sa Simbahan sa ngalan ng Dakilang Romanong Papa, na hindi pinapayagang umakto o magsalita nang malaya.



San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc



**Noong ika-4 ng Agosto 1976,** ang Ating Panginoong Hesukristo, sa isa sa Kanyang kahanga-hangang mga aparisyon, ay ipinangako ang pagiging Papa ng Simbahan kay Padre Clemente, sa mga salitang ito: "Ikaw ang magiging Pedro sa hinaharap: ang Papa na mag-iisa ng Pananampalataya at integridad sa Simbahan, makikipaglaban sa mga erehya nang may matibay na lakas, sapagka't hukbong mga Anghel ang tutulong saiyo... Ang Dakilang Papa Gregoryo, ang Kaluwalhatian ng mga Olibo".



**Noong ika-1 ng Enero 1977,** si Obispo Padre Clemente ay kanonikal na kinoronahan ang Sagradong Imahen na ngayon ay nangunguna sa kamarin ng Lentisko sa ilalim ng titulo ng Ating Ina ng Palmar Koronada. Makalipas ang mga taon, ay kinoronahan niya ang mga imahen ng Pinakabanal na Jose at ni Santa Teresa ni Hesus.



**Noong ika-20 ng Enero 1977,** sa sugo ng Pinakabanal na Birheng Maria, si Obispo Padre Clemente ay pinalitan ang kanyang pangalan sa binyag ng Padre Fernando. Dahil sa madaliang hangad ng Diyos, at hanggang sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI, si Obispo Padre Fernando ay hinawakan ang pinakamataas na posisyon na Sub-Vicar ni Kristo sa Simbahan.



**Noong ika-6 ng Agosto 1978,** si Obispo Padre Fernando habang nasa Santa Fe de Bogotá sa Colombia, si Papa San Pablo VI ay namatay. Mula sa momentong iyon, sa utos ng Diyos, ay nagpatuloy siyang umukupa sa Trono ni San Pedro sa pangalang Gregoryo XVII, de Glória Olivæ. Hindi nagtagal pagkatapos, ang Ating Panginoong Hesukristo, kasama ang mga Apostoles na sina San Pedro at San Pablo, ay nagpakita, at inilagay ang Sagradong Korona sa ulo ng bagong Papa, na sa ganoon ay kinoronahan sa misteryoso at napakalalim na paraan. Maliban sa ibang mga bagay, ang Panginoon ay nagsabi sa kanya: "Tanging ang may payak at mababa ang puso ang kikilala sa lalakeng tunay na Papa: Papa Gregoryo XVII. Ang Dakilang Turno ng Papa ng Kaluwalhatian ng mga Olibo ay nagsimula na. Ang Papang tinuran ng maraming mga mistiko, ng maraming mga propesiya." Sinabihan din Niya siya na isang antipapa ay lilitaw mula sa conclave sa Roma.









Ang presente sa dakilang kaganapang ito ng aparisyon ng Ating Panginoong Hesukristo ay ang Obispong Kalihim ng Estado, Padre Isidoro Maria, Manuel Alonso sa mundo. Noong ika-9 ng Agosto ng parehong taong iyon, ang Bikaryo ni Kristo, San Gregoryo XVII, ay dumating sa pamamagitan ng eroplano sa El Palmar de Troya mula sa Colombia, at sa misteryosong paraang ito ang Katedra ni San Pedro ay ilinipat mula sa Roma patungo sa El Palmar de Troya, na nagpatuloy nang naging Apostolikong Pamunuan ng tunay na Simbahan: Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryano, na tinatawag ding Palmaryano Kristiyanong Simbahan ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Noong ika-15 ng Agosto ng taon ding iyon ay naganap ang Solemneng Opisyal na Koronasyon ng Dakilang Palmaryanong Papa, na eksternal, nakikitang koronasyon, sa mga kamay ng apat na mga Obispo na inilagay ang Sagradong Korona sa kanyang ulo. Sa ganoon nagsimula ang kasaysayan ng Papa sa El Palmar de Troya, na may misyong ibalik at pagtibayin ang doktrinal at disiplinaryong integridad sa Simbahan ni Kristo, sa pamamagitan ng malalim na mga reporma at dalubhasang mga turo.

**Makaraan ang kamatayan ni Papa San Pablo VI,** ang pangkalahatang pag-apostata ng romanong simbahan ay naganap at nawala na ang pagiging tunay na Simbahan ni Kristo nito. Ang pag-apostatang ito ay nadala bilang resulta ang buong Katolikong mundo maliban lamang sa natirang matatag na nakakapit sa tunay na doktrina ng



Simbahan: ang Palmaryanong mananampalataya sa ilalim ng pamumuno ng tunay na Bikaryo ni Kristo Papa San Gregoryo XVII, na may Pamunuan sa El Palmar de Troya. Sa kabaliktaran sa katotohanang ito, isang huwad na pastol ang itinalaga sa apostatang romanong pamunuan: ang malas na antipapa Juan Pablo I ang freemason, ang lobong nakadamit ng sa tupa, na ang motto ay: ‘De Medietate Lunæ’ na ang ibig sabihin ay ‘ng kalahati ng buwan’, simbolo ng pagkakahiwa-hiwalay at erehya; at pagkaraan ng kanyang huwad, maikling turno bilang papa, isa pang huwad na pastol ang itinalaga: antipapa Juan Pablo II ang freemason, matakaw na halimaw, prominenteng prekursor ng antikristo, na ang motto ay ‘De Labóre Solis’, na ang ibig sabihin ay ‘eklipse ng araw’, na napakatapang ng hiyang mamagitan sa Araw, Papa San Gregoryo XVII, at sangkatauhan, na nagdala sa pinakamalaking ispiritwal na eklipse na ngayon lamang naganap. Ang Antipapang Juan Pablo II ay ang pangunahing nagpapalaganap ng erehya at iba pang mga kasamaan.



**Si Papa San Gregoryo XVII** ang Napakadakila, iwinawasiwas ang kanyang nag-aapoy na ispada, ay Dakilang Latigo laban sa lahat ng erehya at ibang mga uri ng kontaminasyong nakakalat sa iba’t-ibang bahagi ng mundo ng mga naghahasik ng kasamaan. Ang Bikaryong ito ni Kristo ay matatag na isinumpa o inanatema ang mga antipapa at ang lahat ng mga tagasunod nila sa apostatang romanong simbahan. Ang Dakilang Papang ito, bilang Masipag na Bantay ng Bahay ng Panginoon, ay laging nakaabang sa pinto ng kanyang kural na ipinagkatiwala sa kanya ni Kristo, hinahadlangan ang mabangis na mga lobo sa pagpasok para ikalat at kainin ang kawan; at sa parehong pagkakataon ay pinatalsik niya ang lahat na, nakabalatkayo, ay nagsisikap na sirain ang Simbahan mula sa loob. Ang Dakilang Caudillo na ito ng Tajo, sa pamamagitan ng mga kanyon ng kanyang hindi magkakamaling doktrina at hindi mababaluktot na disiplina, ay naghayag ng Dakilang Krusada sa apokaliptikong panahon sa pamamagitan ng doktrinal at disiplinaryo, subali’t makamilitar, na kautusan sa pagtanggol sa mga karapatan ng Diyos at ng



Simbahan; sa kanya ay nagsimula ang pagiging Caudillo ng Tajo, at kung ganoon ang pagiging Caudillo ng Carmelita o Tagapasan ng Krus sa Huling mga Panahon.



**Si Papa San Gregoryo XVII** ay pumunta sa napakaraming Apostolikong mga Paglalakbay: sa iba't-ibang dako ng Europa, Amerika, Asia, Oceania at Africa, nangangaral kahit saan. Ang isa sa mga iyon, ang pinakamahaba, ay binisita niya ang Palmaryanong mga diyosesis ng limang mga kontinente. Sa maraming mga okasyon siya ay nasa Herusalem at iba pang mga pook sa Israel na may kinalaman sa Buhay, Pasyon at iba pang mga misteryo ni Kristo at ni Maria. Si Papa San Gregoryo XVII ay ang dakilang Apokaliptokong Mensahero. Salamat sa kanyang mga Mensahe, nalaman ng mundo ang buong katotohanan tungkol sa Huling mga Panahon o Apokaliptikong Panahong ito. Siya ay may tapang at lakas ng loob para isiwalat ang malaking mga kaganapan. Salamat sa kanyang katapatan sa mga Mensahe na natanggap niya mula sa Diyos, alam na ng mundo ang nilalaman ng Lihim na Mensahe ng Fatima, pinalsipika at ipinagkanulo ng napakasamang seeress, si Sister Lucia ng Fatima mismo, kasapakat ng napakasama ring antipapa Juan Pablo II at iba pang mataas na dignitaryo ng apostatang romanong simbahan. Si Sister Lucia ng Fatima ay ipinagkanulo ang katotohanan ng Lihim na Mensahe ng Fatima para masiyahan ang mataas na mga prelado sa Batikano. Ang Lihim na Mensahe ng Fatima ay pundamentalmente ang sumusunod: ang





komunismo at freemasonry ay aakyat sa pinakamataas na posisyon at iba pang pangunahing mga posisyon sa Batikano. Ito ay naganap nang ang antipapa ay inistablisa sa Roma makaraang mamatay si Papa San Pablo VI. Makaraan ang kamatayan ni Sister Lucia ng Fatima, ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita kay Papa San Gregoryo XVII noong ika-22 ng Pebrero 2005 at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe: "Ang Apostatang Sister Lucia ng Fatima ay nasa eternal na apoy ng Impiyerno." Si Papa San Gregoryo XVII ay gumawa ng pinakamahirap at transendenteng gawain para ipagpatuloy sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya ang Banal na Simbahang ipinundar ng Ating Panginoong Hesukristo. Siya ang dakilang tagabalik at repormador ng Sagradong mga Ritwal at Banal na mga Moral. Salamat sa kanyang walang pagod na pagtrabaho bilang Dakilang Papa at Hindi Magkakamaling Maestro, labis niyang pinagyaman ang doktrina at disiplinang yaman ng Simbahan at pinag-isa ang Pananampalataya at mga Moral. Si San Gregoryo XVII ay isang higanteng Papa. Kung kaya si Papa San Pedro II ay binigyan siya ng titulong 'Napakadakila', na hindi pa ibinigay sa ibang Papa maliban kay San Pedro.



**Ang maluwalhating Papa San Gregoryo XVII** ang Napakadakila ay namatay alas 3:30 ng hapon noong ika- 21 ng Marso sa taong 2005, Lunes Santo, sa kanyang selda sa Residensya ng Papa sa "Finca de Nuesra Madre del Palmar Coronada", El Palmar de Troya. Ang maluwalhating Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, kahit namatay siya noong ika-21 ng Marso sa taong 2005, ganoon pa man ay kahanga-hanga niyang tinapos ang kanyang pinakamabungang buhay habang nagdaraos ng Banal na Sakripisyo ng Misa noong nakaraang araw, ika-20 ng Marso, sa Altar Mayor ng Katedral-Basilika ng Ating Ina ng El Palmar Koronada; dahil habang siya ay nasa Sagradong Altar siya ay nagkaroon ng napakalubhang sakit, at sa paraang ito ay mistikal na nakapako sa







Krus sa Kalbaryo, sapagka't ang Banal na Misa ay ang parehong Sakripisyo sa Kalbaryo o sakripisyo sa Krus. Ito dapat ang pinakamataas na aspirasyon ng bawa't Ministro ng Panginoon ay magkaroon; at kung ganoon ang pinakadakilang karangalan na matatamo ng isang Pari. Si Papa San Gregoryo XVII ay solemneng kinanonisa ng kanyang Kahalili Papa San Pedro II noong ika-24 ng Marso sa taong 2005, Kapistahan ng Huwebes Santo. Siya ay nakalibing sa Katedral-Basilika ng Ating Ina ng El Palmar Koronada. Ideneklarang Napakadakilang Doktor ng Simbahan ni Papa San Pedro II ang Dakila noong ika-23 ng Abril 2005. Noong ika-29 ng Hulyo 2005, si Papa San Pedro II ang Dakila ay hindi magkakamaling dinepina na ang kaluluwa ni Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, de Glória Olivæ, ay hindi dumaan sa Purgatoryo, subali't pumunta deretso sa Langit.



**Si Manuel Alonso, ang hindi maiwaksing kasama** ni Clemente, ay saksi sa supernatural mistikal na mga pangyayaring nakikita sa Masaya at ilustradong seer. Siya ang dakilang tagapagpalaganap ng Palmaryanong mga Mensaheng ibinigay kay Clemente Domínguez, at kasama niya sa marami sa kanyang apostolikong mga paglalakbay sa iba't-ibang panig ng mundo. Sila ay parehong nawalan ng trabaho nang hindi makatarungan dahil sa kanilang matapang na pagtatanggol sa Gawain ng El Palmar de Troya, na pinahintulutan ng Diyos para simula sa mga araw na iyon ay lubos nilang maibigay ang kanilang mga sarili sa apostolado. At dahil sa ang Banal na Gawain ng El Palmar de Troya ay malupit na inuusig ng progrisibo at nakasisirang herarkiya ng

Romanong Simbahan, na noon ay pinamumunuan ni Papa San Pablo VI, si Manuel Alonso, rin, ay kinailangang ipagtanggol ang mga Aparisyon ng El Palmar ng may dakilang lakas at sigasig.

Noong ika-1 ng Enero 1976, sa kahilingan ng Pinakabanal na Birhen, si Manuel Alonso ay inordinang Pari kasama si Clemente ni Arsobispo San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc,

na dumating mula sa Roma. At noong ika-11 ng Enero 1976, siya ay kinonsagrang Obispo ng parehong prelado. Sa utos ng Langit siya ay tumanggap ng pangalang Padre Isidoro Maria. Sa mga sesyon ng Holy, Great, Dogmatic Palmarian Councils, si Pinakareberendo Padre Isidoro Maria, Kalihim ng Estado, ay nakiisa bilang prinsipal na katulong sa iba't- ibang mga pagtitipon. Sa utos ni Papa Gregoryo XVII, si Padre Isidoro Maria ay naglakbay sa iba't-ibang bahagi ng mundo nangaral at nagturo ng Palmaryano Katolikong Doktrina.



Siya ay kalihim ng Estado sa buong turno bilang Papa ni Papa San Gregoryo XVII, at cofounder ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Noong ika-24 ng Oktobre sa taong 2000, ay pinangalanan ni Papa Gregoryo XVII siya bilang kanyang Kahalili sa Katedra ni San Pedro. Sa pagkamatay ni Papa San





Gregoryo XVII ang Napakadakila, si Padre isidoro ay umakyat sa trono ng papa sa pangalang Pedro II, de Cruce Apocalíptica.



**Si Papa San Pedro II, may lakas at tapang,** ay pinastulan ang kawan ng Palmaryano Katolikong Simbahan. May tunay na pangako at katapatan sa mga plano ng Diyos, ay tinapos niya ang paglimbag ng Holy Palmarian Bible at iba pang mga dokumento. Sa mundo ng pangkalahatang pag-apostata, si Papa San Pedro II bilang Mabuting Pastol, sa pamamagitan ng kanyang Apostolikong mga Sulat at Dogmatikong mga Depinisyon, ay ipinagtanggol at ipinroklama ang Kabanal-banalang Doktrina at mga Moral nang may tapang, at sa gayon ay nilabanan ang mga mali at iba pang moral na pagkabulok. Ang bunga rin ng kanyang maluwalhating panunungkulan bilang Papa ay ang Palmarian Ecclesiastical History. Dinepina niya nang walang pagkakamali na ang Antikristo ay ipinanganak sa taong 2000 sa Bethlehem, parehong bayan na kung saan ang Ating Panginoong Hesukristo ay ipinanganak. Si Papa San Pedro II ay namatay sa kabanalan alas 8:07 ng gabi noong ika-15 ng Hulyo 2011, Gabi bago ang Kapistahan ng ika-16 ng Hulyo, sa kanyang selda sa Apartment ng Papa, at inilibing sa Katedral-Basilika ng Ating Ina ng Palmar Koronada.



Sa kasalukuyan ang Banal na Palmaryanong Simbahan ay pinamumunuan ng Kanyang Kabanalan Papa Pedro III, de Glória Ecclésiæ. Ang maluwalhating Bikaryong ito ni Kristo, may tunay na pangako at pinakamataas na katapatan, ay patuloy na pinapastulan ang kawan ng Palmaryano Katolikong Simbahan na ipinagkatiwala sa kanya ng Kanyang Banal na Pundador, ang Ating Panginoong Hesukristo. May dakilang pagmamahal at sinserong pananampalataya, si Papa Pedro III ay matapang na ipinagpapatuloy ang gawain ni Papa San Pedro II, nilalabanan ang mga mali at ang lahat ng iba pang moral na pagkabulok sa sangkatauhan. Sa gayon ginigiyahan ang Simbahan, itong Pinakamataas na Palmaryanong Pastol ay inihahanda tayo sa pagtanggap kay Kristo sa Kanyang Maluwalhating Ikalawang Pagdating para itayo ang Misyanikong Kaharian sa Mundo.

## BUOD NG MGA NILALAMAN NG PINAKAIMPORTANTENG MGA MENSAHENG IBINIGAY SA EL PALMAR DE TROYA



**1.** Ang tunay na Simbahan ngayon ay ang Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryano, na dating romano.

**2.** Ang pagtanggol sa awtentikong Katolikong Pananampalataya na napapaloob sa Sagradong Ebanghelyo, sa Banal na Tradisyon, sa awtentikong Dalubhasang Turo ng Simbahan, sa Sagradong mga Konseho, sa mga Doktrina ng mga Santo Papa.

**3.** Pagmamahal, pagkamasunurin at pagpapasailalim sa Sagradong Persona ng Papa bilang Bikaryo ni Kristo, Hindi Magkakamaling Bato, una San Pablo VI na may pamunuan sa Roma, pagkaraan Gregoryo XVII na may Pamunuan sa El Palmar de Troya.



Papa San Pedro II

**4.** Ang muling pag-establisa ng Banal na Misa bilang ang awtentikong Sakripisyo sa Altar, at ang abolisyon ng Novus Ordo pseudo-mass na ipinasok sa Romanong Simbahan.

**5.** Ang muling pag-establisa ng Latin bilang Opisyal na Lengwahe ng Simbahan, at ganoon din ng Insenso, Sagradong Musika at Ginto para sa Pagsamba sa Diyos, ang Sotana para sa Pari, ang belo at dekoro para sa babae sa loob ng Simbahan.



**6.** Pagmamahal, respeto at awtentikong pagsamba sa Sagradong Eukaristiya, ang obligasyon ng pagtanggap ng Banal na Komunyon nang nakaluhod at sa dila, ang kondenasyon ng Komunyon na ibinibigay doon sa mga nakatayo bilang kawalang respeto, at sa kamay bilang sakrilihiyoso.

**7.** Pagmamahal, respeto at pagpugay para sa Pinakabanal na Birheng Maria bilang Ina ng Diyos at Ina ng Simbahan, ang pagtanggol sa Marianong mga Dogma, sa Kanyang Sagradong mga Imahen, ang Pamimintuho sa Kanya at ang lugar na nauukol sa Kanyang matayog na dignidad sa Simbahan.



Papa Pedro III

**8.** Pagmamahal at debosyon sa mga Santo, lalo na sa Maluwalhating Patriarka San Jose, ang pagpupugay sa kanilang mga Imahen, gayundin ang debosyon sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo.

**9.** Ang patuloy na pangangaral para sa Pagdasal at Penitensya, Banal na Misa, Banal na Komunyon, Nokturnal at Pang-araw na Adorasyon sa Pinakabanal na Sakramento, meditasyon sa Pasyon ng Panginoon sa pamamagitan ng pagdarasal ng Banal na Daan ng Krus, ang pagdasal ng Banal na Rosaryo bilang pinakamakapangyarihang sandata laban kay Satanas, at iba pang mga debosyong inirekomenda ng Banal na Inang Simbahan.

**10**. Reparasyon para sa mga pagkakasalang ibinigay sa Banal na Mukha ni Hesus, sa Kanyang Pinakasagradong Puso at sa Imakuladang Puso ni Maria, sa pamamagitan ng mga Reparatori Komunyon ng mga Unang Huwebes, Unang Biyernes at Unang Sabado ng bawa't buwan, sa bawa't isa.



**11.** Kondenasyon sa progresibismo, sa nakasisira sa Banal na Tradisyon, at sa mga erehyang nagkalat sa loob mismo ng Romanong Simbahan ng maraming mga Pari at pati na rin ng ibang mga Obispo at mga Kardinal.

**12.** Kondenasyon ng Marxism at freemasonry, mga propeta ng Antikristo.

**13.** Masidhing paghikayat para sa pag-iingat at para sa pagdarasal, dahil ang komunismo at ang freemasonry ay nakapasok na sa Simbahan, at umuukupa ng mataas na mga posisyon.



**14.** Ang pagpapahayag ng isang pagkakahati-hati sa loob ng Simbahan, dahil sa pagtalaga ng isang antipapa, na naganap makaraang mamatay si San Pablo VI noong ika-6 ng Agosto 1978, at ang pagkakapili ni Kristo nang araw ding iyon sa tunay na Kahalili, Papa San Gregoryo XVII.

**15.** Ang paghahayag sa pagdating ng Antikristo, na kung saan ay sasambahin siya bilang Diyos; ang pagtatagumpay ng kapangyarihan ng komunista sa mundo.

**16.** Ang paghahayag ng isang darating na teribleng Digmaang Pandaigdig na sisira sa maraming mga lungsod, ang paglilinis sa mundo sa pamamagitan ng apoy at ang pagparusa sa mga masasama.

**17.** Ang pagtagumpay ng Imakuladang Puso ni

Maria, ang pagkatalo ni Satanas, ang Pangalawang Pagdating ni Kristo, at ang totalmente at lubos na Paghahari ni Kristo. Ang lahat ng mga ito ay magaganap napakalapit na.

Klaripikasyon sa Banal na Sakripisyo ng Misa ni Papa San Pedro II Ang Dakila

Sa simula ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, sa Sagradong Lugar ng Lentisko, ang Banal na Misa ay laging idinaraos ayon sa Latin Tridentine Rite ni San Pio V, ritwal na ginawang ipairal sa Unibersal na Simbahan ng Papang iyon.



Walang ibang ritwal ang idinaos kahit kailan sa Lentisko ng El Palmar de Troya hanggang sa si Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, sa kanyang Apostolikong Konstitusyon at Dogmatikong mga Depinisyon noong ika-9 ng Oktobre sa taong 1983, ay inabolisa ang Tridentine Rite, at pinalitan ito ng Palmaryanong Ritwal.

Kung kaya, hanggang sa ang Apostolikong Konstitusyon ng ika-9 ng Oktobre 1983 ni Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila para sa unibersal na imposisyon ng Banal na Palmaryanong Misa, kapag ang Ating Panginoong Hesukristo at ang Pinakabanal na Birheng Maria ay humingi para sa selebrasyon ng Banal na Misa, iyon ay laging ang Latin Tridentine Rite ni San Pio V.



Ang Banal na Palmaryanong Misa ay pinagbuti na may direkta at hindi direktang interbensiyon ng Ating Panginoong Hesukristo at ng Pinakabanal na Birheng Maria, may malalim na pag-aaral sa parte ni Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, at sa tulong ng Benerableng mga Padre ng Banal Dakila Dogmatiko Palmaryanong Konseho.

Ang Ritwal ng Banal na Palmaryanong Misa ay napakapareho doon sa ginamit ng Ating Panginoong Hesukristo sa Unang Misa sa Senakulo noong Huwebes Santo. Ang buong Banal na Palmaryanong Misa ay esensyal na makapari, dahil ang lahat ng mga aktong napapaloob dito ay ganoon.

Dahil sa pangkalahatang pag-apostata ng romanong simbahan at ang resultang pagkawala ng napakalaking bilang ng mga Misa, dahil sa

hindi matatakasang pangangailangang reparasyon sa Diyos, at dapat nating isaisip na ang pinakamalaking kamalasan na maaaring maganap sa mundo ay ang pagkukulang ng hindi mabilang na mga Misa, ang Banal na Palmaryanong Misa ay pinukaw ng Espiritu Santo para ang kaunting mga Paring kaisa ng tunay na Simbahan, ang Palmaryano, ay makapagdaos ng mas maraming bilang ng Banal na mga Misa, na hindi pa naganap sa nakaraan sa Kasaysayan ng Simbahan, kung ikokonsidera ang kaigsian ng Banal na Palmaryanong Misa. Sa Banal na Misa, sa bawa't Altar, ang awtentikong Mapagsuyong Sakripisyo ng Reparasyon ay inilalagi, nagdadala ng napakasaganang mga grasya at mga biyaya sa mundo at sa buong Uniberso.



Mga Mensaheng ibinigay sa seer na si Clemente Domínguez y Gómez ngayon Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, tungkol sa Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo



**Ika-12 ng Disyembre 1969.**

Santo Domingo ng Guzmán

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Si Santo Domingo ng Guzmán ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*









“Hayaang ang adorasyon sa Banal na Mukha ng Ating Panginoon ay ikalat sa iba’t-ibang dako ng mundo.

Hayaang ang Daan ng Krus ay gawin habang pinagninilayan ang Banal na Mukha ni Hesukristo, inaalaala ang Kanyang Pasyon, Kamatayan at Muling Pagkabuhay kasama ang mga Pighati ng Banal Laging- Imakuladang Birheng Maria, magsumamo ng kapatawaran para sa lahat ng mga kasalanan, mga kalapastanganan, mga insulto at mga sakrilihiyong ibinigay sa Banal na Mukha.

Hayaang ang Banal na Komunyon ay tanggapin tuwing Unang Huwebes ng bawa’t buwan sa lahat ng mga taon hanggang sa Pagdating ng Panginoon, na ngayon ay malapit na, gumawa ng dalawampung minutong reparasyon, magbigay ng pasasalamat sa Diyos at magsumamo para sa kumbersyon ng Rusya.

Ang lahat ng sumasamba sa Banal na Mukha at gumawa ng Reparatori Komunyon na ito ay makatatanggap ng grasyang mamatay sa kabanalan.

Ang kaligtasan ng mundo ay nakasalalay sa paggawa ng kung ano ang idinikta sa Mensaheng ito.”



**Ika-12 ng Disyembre 1969.**

Santa Teresa ng Batang Hesus at ng Banal na Mukha

*(Sinabi niya kay Clemente Domínguez:)*

"Aking mga anak, sa bawa't paghalik ninyo sa Banal na Mukha ni Hesus ay sasabihin ninyo: 'Kasamba-sambang Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo, hamak na nilapastangan ng aking mga kasalanan, bigyan mo ako ng lakas na kinakailangan upang ipagtanggol Ka ng aking buhay.'"

**Ika-14 ng Disyembre 1969.** Sa araw na ito si Santo Domingo ng Guzmán ay hiningi na ang Banal na Mukha ay ilagay sa Sagradong

Lugar ng Lentisko sa lalong madaling panahon.

**Ika-15 ng Disyembre 1969.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Si Santo Domingo ng Guzman ay nagpakita kay Clemente Domínguez at sinabi sa kanya:)*

Santo Domingo ng Guzmán

"Aking anak, ngayon ay tumingin ka sa aking kanan at pagmasdan ang Banal na Mukha. Ang Panginoon ngayon ay kakausapin ka."

Ang Banal na Mukha

"Tunay, tunay na sinasabi Ko saiyo, na sa lahat sainyo na sumasamba sa Aking Banal na Mukha nang may pananalig, kapakumbabaan at pagkaawa, at pinagnilayan ang Aking Pasyon at Kamatayan, na inaako sa inyong mga sarili na kayo ang dapat sisihin para sa Aking Kamatayan, ipinapangako Ko ang walang hanggang mga grasya at hinding-hindi Ko kayo iiwanan. Ipinapangako Ko na makikita ninyo ang Aking Banal na Mukha magpahanggan pa man.





Dapat kayong magdasal ng maraming mga Rosaryo ng mga Ama Namin, sambahin ang Aking Mukha, gumawa ng Daan ng Krus, tumanggap ng Banal na Komunyon tuwing Unang Huwebes ng bawa't buwan sa lahat ng mga taon hanggang sa nalalapit na pagdating Ko sainyo, na napakalapit na, at kayo ay magtatamo ng hindi magbabagong kapayapaan. Si Satanas ay itatali magpahanggan pa man. Kayo ay hinding-hindi na magdaranas ng sakit, o anumang nagiging sanhi ng sakit, dahil ang kasalanan magpakailan pa man ay mawawala sa mga kaluluwa.



Ang Imakuladang Paglilihi

"Ang Aking Banal na Anak ay sinabi saiyo na kung sino man ang humingi ng mga grasya sa pamamagitan Ko ay matatanggap nila ito; at sinasabi Ko saiyo na hindi Ko pakikinggan ang sinumang hindi sumasamba sa Mukha ng Aking Banal na Anak."

Ang Sagradong Puso ni Hesus



"Aking anak, hindi Ko ipakikita ang Aking awa sa sinumang sumasamba sa Aking Banal na Puso at hindi sumasamba sa Aking Banal na Mukha, dahil ang sinumang sumasamba sa Puso ay sumasamba sa buong Katawan. Hindi Ko pakikinggan ang sinumang sumasamba sa Aking Puso at sa Aking Mukha at pagkatapos ay kinasusuklaman ang Eukaristiya.

Ang Aking Banal na Mukha ay ang barya na maiaalay ng lahat para makatamo ng mga grasya."

**Ika-17 ng Disyembre 1969**.

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Banal na Mukha

"Tunay, tunay na sinasabi Ko saiyo, na ang lahat na sumasamba sa Aking Banal na Mukha ay

mapagmamasdan ito magpakailan pa man, at ang sinumang lumapastangan Nito ay hinding-hindi na Ito muling makikita."

**Ika-1 ng Enero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga Aparisyon at mga Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Banal na Mukha

"Aking mga anak: kayo ay nasa daan ng kabanalan, dahil ang sino mang sumamba sa Aking Mukha ay makatatanggap ng grasya ng kabanalan, at ang lahat ng inyong hihingin sa Aking Ina pagkatapos na sumamba sa Aking Mukha, ay ibibigay Niya sainyo."

Ang Eternal na Ama

"Aking mga anak: inihanda Ko itong adorasyon sa Banal na Mukha ng Aking Anak bago pa man lalangin ang tao, sapagka't ito ay nasa Akin nang isipan.

Aking mga anak: ang sinumang sumamba sa Banal na Mukha ng Aking Anak ay magkakaroon ng Aking basbas at Aking pakakalmahin ang Galit na inihanda Ko para sa mundo.

Aking mga anak: huwag ninyong kalilimutan na nais Kong sambahin ninyo ang Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak."

**Ika-2 ng Enero 1970.**

*(Katedral na Simbahan ng Sevilla. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Sagradong Puso ni Hesus

"Aking anak: para sa mga paglapastangan na natatanggap ng Aking Banal na Mukha, ay nagdurugo ang Aking Puso. Ang bawa't tao na sumasamba sa Aking Banal na Mukha ay makatatanggap ng mga grasya mula sa Aking Maawaing Puso para matamo ang Buhay na Walang Hanggan."

**Ika-4 ng Enero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*





Santa Teresa ng Batang Hesus

"Ang lahat ng nagtataglay ng pangalang 'ng Banal na Mukha' ay mamamatay sa kabanalan, sa grasya ni Hesukristo at sa pamamagitan ni Maria, ang inyong Ina."

**Ika-22 ng Enero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Isang grupo ng mga tao ay sumalungat sa pagsasatrono ng Banal na Mukha sa Lentisko. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Eternal na Ama

"Bakit sila ay buong katigasan ng ulong sumasalungat sa paglalagay ng Banal na Mukha ng Aking Anak sa Sagradong Lugar na ito kung iyon ay Aking Kalooban!

Ang iba ay nagsasabing ang lahat ay nasa Nakapakong Kristo. Marahil ang Puso ay wala sa Nakapakong Panginoon, subali't ang debosyon sa Sagradong Puso ni Hesus ay inistablisa ayon sa Aking Kalooban? Ganoon din ang Aking Kalooban ay iistablisa ang Adorasyon sa Banal na Mukha ng Aking Anak.

Ang sinumang hindi nagpapahalaga sa Adorasyon sa Banal na Mukha ay magkakaroon ng kahirapang makarating sa Paraiso sa Langit.

Ang katotohanang paglagay ng Krusipiho ay hindi magiging hadlang sa paglalagay rin ng Banal na Mukha.

Aking mga anak, magkaroon kayo ng pagmamahal. Tumawag kayo sa Birhen, ang Aking Pinakamamahal na Anak, upang ang Adorasyon sa Banal na Mukha ay magtagumpay. Binabasbasan Ko kayong muli, tulad ng pagmamahal Ko sainyo lahat." (Ang Eternal na Ama ay humingi ng larawan ng Banal na Mukha, kinuha ito sa Kanyang mga kamay at hinalikan ito.)

**Ika-2 ng Pebrero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar deTroya. Pista ng Puripikasyon ng Pinakabanal na Birheng Maria. Ang larawan sa oleo ng Banal na Mukha ay dinala mula sa pasukan ng propyedad patungo sa Lugar ng Lentisko para isatrono, habang ang Banal na Daan ng Krus ay dinarasal.*





*Sa daan , mga alas 6:14 ng hapon, ay nagkaroon ng pagsayaw ng Araw. Sa Araw ay nakita ang Banal na Mukha at ang Pinakabanal na Birhen. Sa itaas ng Araw, ang Eternal na Ama, na nagsabi kay Clemente:)*

"Aking mga anak, ang gawaing ito ay Akin. Binabasbasan Ko kayo."

(Pag alas otso ng gabi, makaraang gawin ang mga Estasyon ng Krus, ang Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo ay isinadambana sa Lugar ng Lentisko. Isang napakasolemneng Adorasyon sa Banal na Mukha ay isinagawa agad pagkatapos.)

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Aking mga anak: pinasasalamatan Ko kayo sa pagpunta ninyo sa Sagradong Lugar na ito pinagnilayan ang Aking Pasyon, na kung saan ay nakapagpalabas kayo ng maraming mga kaluluwa sa Purgatoryo, at maraming mga makasalanan ang nakumbert sa mundo, at nagkaroon ng mga paggaling sa mundo sa pamamagitan ng inyong mga panalangin kaisa ng Aking Pasyon. Kapag kayo ay pumunta dito, sambahin ninyo ang Aking Banal na Mukha, na naglalarawan ng mga pagdurusang dinaanan Ko para sa inyong mga kasalanan para kayo ay madala sa Eternal na Buhay kasama ng Aking Ama."

Ang Eternal na Ama

"Mahal Kong mga anak: ang lahat ng paggalang na ibinibigay ninyo sa Aking Banal na Anak ay ibinibigay ninyo sa Akin, at ang lahat ng iniaalay







ninyo sa pamamagitan Niya ay tinatanggap Ko, at ang lahat ng inyong hinihingi sa Ngalan niya ay ibibigay Ko.

Aking mga anak: pagmasdan ninyo ang Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak, pagnilayan ang Kanyang Pasyon. Para sa inyong kaligtasan Siya ay namatay sa Krus, at magkaroon ng awa para sa mga pagdurusang Kanyang pinagdaanan sa kabila ng pagiging matuwid.

Aking mga anak, sinasabi Ko sainyo na kapag kayo ay sumamba sa Mukha ng Aking Nag-iisang Anak ipakikita Ko ang Aking Pagkamaawain sainyo lahat, at ang Aking galit ay maghuhupa."



**Ika-2 ng Pebrero 1970.**

*(Sa isang pribadong bahay)*

Ang Imakuladang Paglilihi

"Ako ay lubos na nasisiyahan na ang Banal na Mukha ng Aking Anak ay isinadambana. Maraming mga grasya ang darating doon sa mga sumasamba sa Kanya."

**Ika-5 ng Pebrero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Unang Huwebes ng buwan. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*



Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Sa malapit na hinaharap ang sangkatauhan ay makikita ang Aking Maluwalhating Mukha at mamamangha sa Aking Ikalawang Pagdating.

Sayang! Sayang! Kung ang buong mundo ay sasamba lamang sa Aking Mukha, gaano magbabago ang mga bagay! Subali't ang kabaliktaran ang ginagawa: kinamumuhian nila Ito."

**Ika-8 ng Pebrero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Aking mga anak: sa bawa't pagkakataong kayo ay gumagawa ng pagbabayad-puri sa Aking Banal na Mukha, ang Aking Puso ay napupuno ng awa at nakakakumbert ng maraming mga makasalanan.

Aking mga anak: Siguruhin ninyong lahat na mayroon kayong Banal na Mukha sa Tahanan. Ipinapangako Ko na, kung saan man ito matatagpuan, ang kapayapaan ay papasok at saganang mga grasya ay darating sa tahanang iyon.

Ipinapangako Ko, sa oras ng pagsuko ng inyong mga kaluluwa sa Akin, na ipakikita Ko ang Aking sarili na puno ng awa, dahil ang Aking Ama ay nais ang debosyon sa Aking Banal na Mukha para maligtas ang sangkatauhan.

Kung kayo ay may mga pagsubok, mga problema o nababagabag: sambahin ninyo ang Aking Banal na Mukha at ang Aking Ina ay ipagdarasal kayo, dahil doon sa mga sumasamba sa Aking Sagradong Mukha Siya ay nagpapakita ng Kanyang Sarili na puno ng malaking pagmamahal para doon sa mga anak at hindi sila pinagkakaitan ng Kanyang tulong.

Magbibigay Ako ng nag-uumapaw na mga grasya sa lahat ng sumasamba Dito at magpapalaganap Nito sa iba't-ibang bahagi ng mundo."

**Ika-20 ng Pebrero 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria

"Huwag ninyong hayaan ang Banal na Mukha ng Aking Anak ay masalaula: Ito ang daan papunta sa Ama sa Langit."

**Ika-12 ng Abril 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

"Aking anak: Pinapatungkol Ko ito sainyong lahat,





bilang Ina ni Hesus at ninyo, para sabihin sainyo na magnilay sa inyong mga puso, at inilagay sa Aking mga kamay, ang pagbating ibinibigay ninyo sa Akin sa 'Hail Holy Queen'. Pagnilayan ninyo lalo na ang bahagi na kung saan ay sinasabi ninyong 'ipakita Mo sa amin ang Banal na Bunga ng Iyong Sinapupunan na si Hesus'. Iyan ang dahilan kung kaya Ako ay dumating, upang ipakita sainyo ang Aking Banal na Anak na si Hesus, at ipinapakita Ko Siya sainyo sa Kanyang Banal na Mukha, dispigurado, minaltrato, duguan, dinuraan, na naging Biktima para ialay ang Kanyang sarili sa inyong Ama sa Langit para linisin kayo sa inyong mga kasalanan at tubusin kayo para sa eternal na buhay.



Sinasabi Ko sainyo na iyong mga hindi pa nakakaunawa sa lugar na dapat magkaroon ang Aking Banal na Anak, ay dapat magsamba sa Kanyang Banal na Mukha para aliwin ang Aking Namimighating Puso, upang pagdating ng araw ay maunawaan ninyo iyon, dahil utang ninyo iyon sa Kanya bilang inyong Diyos at Tagapagligtas.



Aking mga anak, kung hindi ninyo nauunawaan kung gaano ang merito sa pagsamba sa Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak, isipin ninyo ang ganito: Sasambahin ko ang Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo para mapasaya ang Imakulada at Mapighating Puso ng Aking Ina, ang Pinakabanal na Birhen. Sa paraang ito ay mauunawaan ninyo na Ako ang daluyan sa pagpunta kay Hesus, ang inyong Tagapagligtas at Hari ng uniberso, sa Kalooban ng Ama sa Langit."

**Ika-28 ng Mayo 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Kapistahan ng Corpus Christi. Ang Panginoon ay dati nang nagbigay ng mga instruksyon kay Clemente Domínguez tungkol sa Eskapularyo ng Banal na Mukha, at ang ilan ay ginawa at dinala sa Lentisko. Sa aparisyong ito, ang Panginoon ay ibinigay ang opisyal na Mensahe tungkol sa Eskapularyong ito. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Aking mga anak: narito Ako sa gitna ninyo. Pumarito kayo at sambahin Ako. Lagi ninyong isuot



ang sagisag na ito ng Aking Sagradong Mukha. Gagawin ninyo ito sa parehong materyal tulad ng sa Banal na Eskapularyo ng Aking Ina. Sa gayon ay may proteksyon kayo ng Aking Banal na Ina at Akin, at lalagyan ito ng mga salitang: 'Panginoon, ipakita Mo sa amin ang Inyong Mukha at kami ay maliligtas". Isusuot ninyo ito paikot sa inyong mga leeg sa lahat ng panahon. Ang Eskapularyo ay mapapalooban, una sa lahat, sa harapan ang Aking Banal na Mukha; sa likod ay magkakaroon ng Dalawang mga Puso, ang Akin at sa Aking Ina.

Ipinapangako Kong dadalhin iyong mamatay na may suot nito, sa Pamamagitan ng Aking Ina, sa eternal na kaligayahan sa momentong sila ay umalis sa mundong ito, at ipinapangako Kong ang kanilang mga pamilya ay magiging masigasig sa Pananampalataya. Darating ang araw na kayo ay magbibigay ng testimonya sa harap ng mga kaaway ng Eskapularyong ito, at ang iba sa inyo ay magdurusa sa pagpapakita ng Aking sagisag; subali't mas malaki ang inyong makukuhang grasya sa Eternal na Buhay. Huwag antalain ang pagsuot ng Eskapularyong ito, dahil ang Aking Ina ay masisiyahan nang labis, dahil siya ay mas masaya para sa Amin laging magkasama: Ina at Anak." (Ang Panginoon ay inilagay ang Eskapularyo ng Banal na Mukha sa seer na si Clemente Domínguez, binasbasan at umalis.)

**Ika-15 ng Hunyo 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Sagradong Puso ni Hesus

"Aking mga anak: kung titingnan ninyo nang malapitan ang ekspresyon ng Aking Banal na Mukha, ay mauunawaan ninyo kung gaano ang pagkamaawain ng Aking Pinakasagradong Puso. Ang salamin ng Aking Puso ay ang aking Mukha; sa pamamagitan nito ay malalaman ninyo na mayroon Akong kababaang-loob, maawain, dakilang Puso,







kayang tanggapin ang lahat ng mga Kristiyano; nagmamahal hanggang sa puntong ipaagos ang huling patak ng Dugo para sa lahat ng tao. May mas dakila pa bang pagmamahal kaysa totalmenteng isuko para sa minamahal, na kung saan ang lahat ng tao ay kasama? Tingnan ninyo nang malapitan ang Aking Mukha: duguan, sinampal, sinalaula at sugatan dahil sa mga insulto na Aking natanggap mula sa mga hindi makadiyos. Isipin ninyo sandali: kung gaanong sakit, dalamhati at sugat ang naramdaman ng Aking Puso...! Kung ganoon, hinihingi Ko sainyo na gumawa ng reparasyon sa Aking Banal na Mukha para aliwin ang Aking Nagdurusang Puso. Aking mga anak, sa pagpapatuloy sa ganitong paraan, ay mamahalin ninyo nang buong alab ang Eukaristiya. Iyan ang Aking pagmamahal na umabot sa kalabisan: ang ibigay ang Aking Katawan para kainin at ang Aking Dugo para inumin, upang magbigay ng sustansiya sa kaluluwa para makamtan nila ang eternal na kaligayahan.



Aking mga anak: alam ba ninyo kung ano ang nagbibigay ng pinakamalaking kalungkutan sa Aking Pinakabanal na Ina? Buweno, iyon ay ang makita ang Aking Mukha na hindi na halos makilala, na wala na ang gandang madalas Niyang hinahaplos ng Kanyang banal na mga kamay. Ito ay nagdadala ng ganoon katinding sakit sa Kanyang Imakuladang Puso ang makita ang Aking Mukhang namamaga...! Sa tingin mas mukha Akong isang leproso kaysa sa Kanyang Anak. At alam ba ninyo ang pinakamalaking kasiyahan mayroon ang Aking Pinakabanal na Ina, pagkatapos ng Aking Pasyon? Iyon ay ang Aking Maluwalhating Mukha, kung saan ang Aking Pagkadiyos ay makikita. Buweno, sa bawa't pagkakataong kayo ay gumagawa ng reparasyon sa Aking Banal na Mukha, inaaliw ninyo ang Imakulada at Mapighating Puso ng Aking Pinakabanal na Ina, at sa bawa't pagkakataong ang Aking Mukha ay tinatanggihan nang may pagkamuhi, ang Aking Ina ay nakatatanggap ng pagsaksak sa Kanyang Puso."

**Ika-6 ng Agosto 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga Aparisyon at mga Mensahe kay Clemente Domínguez. Unang Huwebes ng buwan. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita, binasbasan at at hinalikan ang mga Eskapularyo ng Banal na Mukha. Hindi nagtagal pagkaraan ang Ating Panginoong)*

Hesukristo ay nagpakita, at ganoon din, binasbasan, hinalikan at hinawakan ang mga Eskapularyo, nilagyan nito ang apat na mga personang naroon. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay niliwanag ang sumusunod na mga salita sa nakaraang Mensaheng ibinigay ng Panginoon tungkol sa Eskapularyo ng Banal na Mukha: "Ipinapangako Kong dalhin iyong mamamatay na suot ito, sa Pamamagitan ng Aking





Ina, sa eternal na kaligayahan sa mismong sandaling lumisan sila sa mundong ito."

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

"Aking anak, hindi na kinakailangang sabihin pa ang mga kondisyong ibinigay sa Batas ng Diyos at sa mga Kautusan ng Simbahan ay punan. Natural ang lahat ng may suot ng Eskapularyong ito ay laging may perpektong pagkaalam para gawin ang mga Kautusan, dahil sa pamamagitan nito ang Aking Banal na Anak ay iniuukit sa kanilang mga puso ang imahen ng Kanyang Mukha, para ang kaaway ay hindi makayanan ang Liwanag ng Kataas-taasan, at nagdedesisyon para umalis; kung kaya ang lahat ng may suot ng Eskapularyong ito ay ginagawang perpekto ang kanilang mga sarili, at minamahal ang Eukaristiya nang mas maalab, dahil ang Banal na Mukha ay ang Salamin ng Eukaristiya."

**Ika-7 ng Agosto 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Unang Biyernes ng buwan. Ang Panginoon aynagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Puso ni Hesus

"Aking mga anak: para maunawaan ninyo ang dakilang pagmamahal, awa at total na dedikasyon ng Aking Banal na Puso, dapat ninyong ipako ang inyong paningin sa Aking Banal na Mukha, Salamin ng Aking Puso.

Kapag nakita ninyo ang Aking Mukhang pinalo, bugbog, may bahid ng dugo at puno ng dura, isipin ninyo: paanong ang aking Banal na Tagtubos ay nagdusa sa pinakailalim ng Kanyang Puso, at gaano Niya kamahal ang Kanyang mga anak! Kapag nakita ninyo ang Aking Mukha na puno ng liwanag at kaluwalhatian, isipin ninyo: ang aking Banal na Tagapagligtas ay pinatawad ako dahil nakita ko ang pagpapatawad na nanggaling mula sa Kanyang Puso na nasisinag sa Kanyang Mukha!



Aking mga anak: (tinutukoy ang Eskapularyo ng Banal na Mukha) ngayon ay mayroon na kayong isang Eskapularyong nararapat para sa mga bayani, dahil ang araw ay darating na kayo ay uusigin, dahil marami ang hindi tatanggap ng debosyon sa Aking Banal na Mukha, o sa Aking Pinakabanal na Puso, o sa Imakuladang Puso ng Birheng Maria, Aking Ina at ninyo; subali't kayo ay kinakailangang magbigay ng testimonya sa pamamagitan ng Eskapularyong ito.



Aking mga anak: mahalin ninyo ang Aking Banal na Mukha nang buong mga puso ninyo at kayo ay magtatagumpay para maunawaan ang awa na ibinubuhos nang sagana ng Aking Pinakabanal na Puso; at saka iisipin na lamang ninyo ang tanggapin Ako sa Eukaristiya; na kung saan ang lahat ng pagmamahal ng isang Diyos ay nakasentro, isang Diyos na ibinigay ang Kanyang sarili hanggang sa Kamatayan sa Krus at, hindi pa nakontento, ay ninais na manatili sa Tinapay at Alak para maging pagkain ng Kanyang mga anak.

At kung sa lahat ng mga ito ay isama ninyo ang malaking Puso ng isang Ina na gumagabay sainyo at patuloy na idinadaan ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ng Kanyang Puso para linisiin ang mga



iyon upang ang mga iyon ay mailapit sa Akin wala na Akong maibibigay pa sainyo, dahil ibinigay Ko na ang lahat-lahat. Kung ganoon, ang sinumang nais na maligtas ay mayroon nang senyal na ginawa mismo ang Diyos, na ayaw na kahi't isa sa mga anak ay makondena.

Huwag ninyong ipagwalang-bahala itong tatlong Reparatori Komunyon. (Ang tatlong Reparatori Komunyon ay: para sa Pinakabanal na Mukha ni Hesus, sa unang Huwebes ng bawa't buwan; para sa Pinakabanal na Puso ni Hesus, sa unang Biyernes ng bawa't buwan; para sa Imakuladang Puso ni Maria, sa unang Sabado ng bawa't buwan.)

Aking mga anak, makinig kayong mabuti: doon sa mga nagsimula nang ipagwalang-bahala ang debosyon sa Aking Banal na Mukha ay papunta na sa pagwawalang-bahala sa debosyon sa Aking Pinakasagradong Puso. At ang malala pa, sila ay mamumuhi sa Eukaristiya; dahil ang mga debosyong ito ay mga paraan kung saan Ako, sa labis-labis na pagmamahal, ay ibinigay bilang mga handog sa Aking mga anak upang sila ay kumain ng Tinapay ng Buhay, na ang Eukaristiya."

**Ika-9 ng Agosto 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Eternal na Ama ay nagpakita kay Clemente Domínguez sa napakalawak na ulap. Siya ay bumaba sa kung nasaan kami at halos ay mahagkan na namin ang Kanyang mga paa. Niyakap Niya rin kami ng dalawang ulit. Siya ay napapaligiran ng mga Anghel. Pagkatapos magbigay ng Mensahe, Siya ay pumaitaas muli sa Langit. Ang Langit ay nagbukas at nakita ni Clemente ang napakaraming mga mansyon ng Kaluwalhatian, hindi maipaliwanag kung paano ang mga iyon. Sa pagsasalita ng seer, ito ang pinakamagandang bisyon na nagkaroon siya. Ang Eternal na Ama ay nagbigay ng sumusunod na Mensahe bilang tugon sa katanungan ng seer: "Ama, ikaw nga ba? Dahil ang sabi ng iba ay hindi ka makapagpapakita":)*



Ang Eternal na Ama

"Nais mo bang ialay sa Akin ang Banal na Mukha ng Aking Anak araw-araw, at sa gayun ay hadlangan ang bisig na handa Ko nang ihulog sa sangkatauhan? Aking mga anak, dapat ninyong malaman na ang lahat ng inaalay ninyo sa Akin sa pamamagitan ng Sagradong Mukha ng Aking Anak ay nagiging walang hanggang alay. Aking mga anak, siguruhin ninyong araw-araw na ialay ang Sagradong Biktima sa pamamagitan ng pakikinig ng Banal na Misa at pagtanggap ng Aking Anak sa Eukaristiya araw-araw.



Walang sino mang tao ang pwedeng magbawal sa kanyang Ama, Diyos at Taglalang na magpakita sa mga anak na Kanyang minamahal!

Nais Kong ang Mensaheng ito ay ipalaganap bilang testimonya na AKO ANG MAKAPANGYARIHAN.'

**Ika-20 ng Agosto 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Eternal na Ama ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Eternal Na Ama

"Aking mga anak: sa teribleng mga araw na darating sa sangkatauhan, ang Banal na Mukha ng Aking Anak ay magiging isang tunay na balikat na iiyakan, dahil ang Aking tunay na mga anak ay magkakanlong sa likod ng Mukhang iyon. Ang Banal na Mukha ay magiging tunay na alay para sugpuin Ko ang mga kastigong Aking ipadadala sa sangkatauhan.

Sa mga bahay kung saan ang Kanyang Mukha ay matatagpuan, ay magkakaroon ng liwanag para maligtas sa kapangyarihan ng karimlan. Magbibigay Ako ng sugo sa Aking mga Anghel na lagyan ng senyal ang mga tahanan kung saan ang Sagradong





Mukha ng Aking Anak ay naroon, at para sa Aking mga anak para pangalagaan mula sa mga masasama na babagsak sa walang utang na loob na sangkatauhan.

Aking mga anak, nawa lahat kayo ay maging tunay na mga Apostoles ng Banal na Mukha at ipalaganap ito kahi't saan. Mas malawak ang paglaganap nito, mas kaunti ang desgrasya."

**Ika-3 ng Septyembre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Unang Huwebes ng buwan. Si Papa San Pio X ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

San Pio X, Papa

"Aking mga anak: kung ang aking mga tagubilin na ipalaganap ang debosyon sa Banal na Mukha sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay pinakinggan, ang dalawang digmaang pandaigdig ay naiwasan sana.

Ibinigay ko ang kinakailangang tagubilin para sa bawa't simbahan, monasteryo, kumbento, at sa mga tahanan ng mga Kristiyano, ang Banal na Mukha ay mamuno. Subali't ito ay hindi ipinalaganap tulad ng aking itinuro, kundi sa napakalimitadong paraan lamang, at dahil sa hindi pagpapahalaga sa dakilang debosyong ito sa Mukha ni Hesukristo, ang Eternal na Ama ay nagalit sa sangkatauhan, pinayagan ang dalawang teribleng digmaang pandaigdig.

Muli ang Langit ay hinihingi ang pagpapalaganap ng Banal na Mukha, na sambahin, at mamuno sa prominenteng mga lugar sa mga simbahan, mga monasteryo, mga kumbento at Kristiyanong mga tahanan. Ang pagpapalaganap na ito, kapag nagawa, ay mahahadlangan ang Ikatlong Digmaang Pandaigdig, nakakikilabot at nakatatakot, na mangyari sa sangkatauhan. Kung kaya kung ang pagpapalaganap ng Banal na Mukha ay mabigyang atensyon sa lahat ng dako sa mundo, ang Eternal na Ama ay manlalamig, dahil makikita Niya ang dispiguradong Mukha ng Kanyang Banal na Anak at maaawa sa sangkatauhan; dahil ang buong



sangkatauhan ay nasa Mukha ni Kristo.

Sinisiguro ko sainyo na ang lahat ng nagpapalaganap ng debosyong ito ay magkakaroon ng gantimpala sa magandang paraan sa buhay na ito o sa susunod.

Aking mga anak, gawin ninyong ang lahat ng inyong mga sulat ay mayroong Larawan ng Tagapagligtas ng sangkatauhan. Iyon ay isa ring mabuting paraan ng pagpapalaganap Nito. At hinihingi ko sainyong pumupunta rito nang may Pananampalataya, laging magsuot ng malaking Banal na Mukha sa inyong mga dibdib, sa labas, kung kayo ay nagdarasal sa Sagradong Lugar na ito, para magbigay ng testimonya kay Hesukristo."

**Ika-4 ng Septyembre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Unang Biyernes ng buwan. Ang Sagradong Puso ni Hesus ay nagpakita kay Clemente Domínguez, at niyakap ang lahat ng naroon isa-isa. Mula sa Kanyang Sagradong Puso ang sinag ng liwanag ay lumabas na tumagos sa mga puso ng bawa't isang naroon, inukit doon ang Banal na Mukha. At nagpakita ang Eternal na Ama sa seer. Bumaba Siya sa kung nasaan kami lahat, nagagalak sa pagkakita na ang Banal na Mukha ng Kanyang Anak ay nakaukit sa bawa't puso. Ang Eternal na Ama ay nagbigay kay Clemente ng sumusunod na Mensahe:)*

Ang Eternal na Ama

"Aking mga anak: dahil sa debosyon sa at adorasyon sa Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak na ginawa ninyo, maliwanag na mga sinag ay lumabas mula sa Kanyang Sagradong Puso, na nag- ukit ng Kanyang Banal na Mukha sa inyong mga puso, at ngayon Ako, bilang Ama, sa pagkakita sainyo at sa pagkakita sa Mukha ng Aking Anak sainyong kalooban, ay hindi maaaring tanggihan kayo ng anupaman, dahil ang Aking Anak ang Aking nakikita.

Lagi ninyong hingin na ang Sagradong Mukha ng Aking Anak ay makaukit sa inyong mga puso."



**Ika-23 ng Septyembre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Sa ikalawang anibersaryo ng kanyang kamatayan, si Padre Pio ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*


Padre Pio ng Pietrelcina

"Aking anak: ako ay isang tunay na nagmamahal sa Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo. Ang dakilang mga deboto ng Banal na Mukha ay may hindi mapapantayang kaluwalhatian. Sila ay mas malapit kay Hesus na pagmamasdan ang Kanyang Maluwalhating Mukha. Ang lahat ng tunay na mga deboto ng Banal na Mukha ay makatatanggap ng labis-labis na mga grasya para makakamit ng kabanalan; na kanilang makakamtan na laging kaisa sa Krus ng Banal na Panginoon; walang kabanalan kung walang Krus. Dapat silang mapako kasama ni Kristo, at sumamo sa Ina ng Diyos para magdasal nang walang humpay para sa lahat.

Doon sa nagpapalaganap ng debosyon sa Banal na Mukha ay mababayaran sa Sariling bayan sa Langit, ganoon din sa tinubuang-bayan sa lupa, sa espesyal na paraan.

Aking anak: gayahin mo ang dakilang mga sumasamba sa Banal na Mukha, at higit sa lahat si Teresa ng Batang Hesus at ng Banal na Mukha, siya na nagmahal sa Banal na Mukha higit sa lahat. Siya kung ganoon ay umuukupa ng isang nakatataas na lugar katabi ni Hesus."





**Ika-29 ng Septyembre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Si San Miguel Arkanghel ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

San Miguel Arkanghel

"Mga anak ng Espanya: Siguruhing ang lahat ay magkaroon ng Banal na Mukha ni Hesus, dahil sa madaling panahon kami ay pupunta at lalagyan ng senyal ang mga bahay para mapreserba sa parusa! Sa harap ng Banal na Mukha, ang kaaway ay lumalayo, dahil lumayo siya sa pagrebelde ng mga anghel. Alam ba ninyo kung ano ang aking dala sa aking kaliwang



kamay laban kay Satanas? Ang Maluwalhating Mukha ni Kristo, na sa harap nito siya ay talunang nabuwal at lumundag sa hindi maarok na kailaliman. Inilarawan akong may espada para sumunod sa tradisyon, nguni't hindi ako gumamit ng isang espada, subali't ang Mukha ni Kristo. Anong mas magandang espada kaysa riyan! Ang espada ay simbolo ng kapangyarihan; at kung kaya ang Simbahang Katoliko ay inilagay ito sa aking kanang kamay, at para makilala ako ay inilarawan na mayroon nito."

**Ika-8 ng Oktobre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez: Ang Eternal na Ama ay nagpakita sa kanya. Siya ay bumaba sa kung saan kami ay naroon, at niyakap kami. At nagpakita ang Panginoon, na umupo sa isang luhurang naroon sa Lentisko, ipinakita sa amin ang Kanyang Banal na Mukha para halikan, at ibinigay ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Lagi ninyong ialay ang Aking Banal na Mukha sa Ama at Siya ay maaawa sa inyo.

Hinihingi Ko sainyo lahat na sambahin ang Aking Banal na Mukha at Ito ay pamunuin sa inyong mga tahanan, upang ang Ama sa Langit ay ibuhos ang Kanyang mga grasya sa inyo at patawarin kayo sa inyong mga kasalanan. Solemne Kong ipinapangako sainyo na iyong mga nagpapalaganap ng debosyon sa Aking Banal na Mukha ay ipepreserba mula sa parusa sa sangkatauhan, at kung sakali mang sila ay dumanas ng anumang pagdurusa sa parusa iyon ay ang mamatay na isang martir at makakukuha ng kabanalan. Dagdag pa, sila ay makatatanggap ng liwanag para sa teribleng mga araw ng kalituhang darating para sa Banal na Simbahan. Subali't ang lahat ay dapat na lumapit sa Akin sa pamamagitan ng Aking Ina, ang Pinakabanal na Birhen.

Tunay, tunay, na sinasabi ko sainyo na iyong mga nagpapalaganap ng debosyon sa Aking Banal na Mukha ay makatatanggap ng grasya na walang isa mang miyembro ng pamilya nila ay makokondena nang walang hanggan, at iyong mga nasa Purgatoryo ay agad na mapalalabas.









Sabihin mo sa sangkatauhan na ang Aking Ama sa Langit ay nagsabi na ang sinumang humadlang sa pagpapalaganap ng debosyon sa Aking Banal na Mukha ay magiging parang isang bulag sa pag-unawa sa mga misteryo ng Diyos, at madadapa nang paulit-ulit hanggang sa tuluyang mahulog sa hindi maarok na kailaliman. Ang Aking Ama ay nagsabi na ang Aking Banal na Mukha ay kumakatawan sa Kanya.

Ipinapangako Ko maliban pa na iyong lahat na hindi nakauunawa ng Debosyong ito at nagdasal nang walang humpay sa Aking Pinakabanal na Ina para sa Liwanag ay makatatanggap nito."

**Ika-25 ng Oktobre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

Ang Kristong Hari

"Para maunawaan ang alab ng Aking Puso, ang Aking Banal na Mukha ay dapat sambahin. Ang Aking Sagradong Puso ay nagdurugtong ng sinag nito ng pagmamahal sa Aking Banal na Mukha."

**Ika-5 ng Nobyembre 1970.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Aking mahal na mga anak: Tingnan ninyo ang Aking Mukhang puno ng dugo, ng pawis, ng dura, ng mga bugbog. Limiin ninyo kung ganoon kung gaano ang Aking Sagradong Puso ay lalo na. Sa pamamagitan ng Aking Banal na Mukha ay malalaman ninyo kung hanggang saan Ko kayo minahal. Dito ay nakikita ang Aking naaping Puso, ang Aking Pusong dinurog, ang Aking Pusong sinira ng mga kasalanan ng sangkatauhan."

**Ika-30 ng Nobyembre 1970.**

*Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang araw sa paggunita ng 32 buwan simula ng unang Aparisyon sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay*





*dumating nang nakatawa, at sa mga tinuran ng seer na si Clemente Domínguez: "Napakabihira Ninyong dumating nang nakatawa! Kung alam N'yo lamang kung gaano ako pinasasaya nito!", ang Panginoon ay nagsabi:)*

Ang Panginoong Hesukristo

"Tumatawa Ako dahil nasa tabi ninyo Ako lahat, na nagpupugay sa Aking Pinakabanal na Ina sa magandang araw na ito." (Nagtanong si Clemente sa Kanya: Makikita ba namin ang Iyong Mukha nang ganyan sa Langit?) "Hindi, mga anak, Ito ay walang katapusang mas maliwanag, mas maganda, mas marilag. Kung nalalaman lamang ninyo, lagi ninyong iisiping pumunta para makita ang Aking Maluwalhating Mukha sa Langit. Ito ay ang Liwanag ng Langit. Ang lahat ng nakakamit ng Paraiso sa Langit, sa pagkakita ng Aking Maluwalhating Mukha, ay nakikita ang Kabanalan; doon ang tabing ng mga misteryo ay napupunit na. Nguni't para makarating sa kaligayahang iyon, ay kinakailangang magsagawa ng reparasyon sa Aking Mukha ng Pasyon, sa Aking Mapighating Mukha, sa Aking bugbog na Mukha, sa Aking nabahiran ng dugong Mukha. Kung gusto Kong ipakita sainyo ang Aking Maluwalhating Mukha ngayon mismo, kayo lahat ay mamamatay. Walang taong maaaring tumagal sa liwanag na iyon. Mayroong isang tao sa mundo na nagkaroon ng kaligayahang makita Ako na may Maluwalhating Mukha

tulad ng mayroon Ako sa Langit, at ang taong iyon ay ang Aking Pinakabanal na Ina, dahil sa ganoon nasisiyahan ang Ama sa Langit. Ang Aking mga Apostoles, sa Transpigurasyon sa Tabor, ay hindi nakita ang Aking Mukha na lubos na maluwalhati, dahil sila ay mamamatay.

Aking mga anak, lagi ninyong isipin ang pagkakita sa Aking Maluwalhating Mukha, at hindi kayo magkakasala; dahil ang sinumang tunay na nais na makita ang Kanyang Diyos, ay nakatatanggap ng malaking kalakasan para labanan ang kaaway."

(At, tinutukoy ang Pinakabanal na Birhen, nagpatuloy Siya:)

Ang kataas-taasang Sumasamba sa Aking Mukha, Siya na humalik at yumakap nang buong pagmamahal Dito nang may pinakadakilang pagmamahal. Ang Aking Ina ay umubos ng maraming mga oras na tinititigan ang Aking Mukha; kinakarinyo Niya Ito, hinahaplos Niya Ito nang hindi tulad ng ibang ina, dahil alam Niya na Ako ang Kanyang Diyos. Gayahin ninyo ang Aking Banal na Ina , at kahi't papaano ay sasambahin ninyo nang kahit kaunti ang Aking Mukha."



**Ika-1 ng Enero 1971.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Pista ng Sirkumsisyon ng Panginoon. Sa oras na alas nuwebe y medya ng gabi ang Eternal na Ama, sa napakalawak na ulap, ay nagpakita kay Clemente Domínguez at nagsabi:)*

Ang Eternal na Ama

"Tumingin kayo sa loob para matagpuan ang Mukha ng Maawaing Hesus sa inyong kaluluwa."



### Ika-16 ng Enero 1971.

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. May ibang sumasalungat sa pagsuot ng Eskapularyo ng Banal na Mukha. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

"Aking mga anak: dapat lagi ninyong isaisip na kung nais ninyong makaiwas sa mga atake ni Satanas, ang pinakamabuting paraan para siya lumayo at tumigil ay ang pagsuot sa harapan, sa inyong dibdib, ng Banal na Mukha ng Aking Anak. Sa harapan Niya ang kaaway ay hindi makapagpapatuloy, dahil ang Liwanag ng Aking Anak ay pinipigilan siya. Kapag si Satanas ay dumating nagkukunwaring siya si Hesus o ang Aking Sarili, ang Inyong Ina, at suot ninyo sa labas ang Mukha ng Aking Anak, siya ay agad na nawawala, dahil siya ay mapagmataas at hindi niya kayang tanggapin ang kamahalan ng Diyos. Aking mga anak, nais Kong ang inyong mga isip ay maunawaan ang halaga ng pagsusuot ng Banal na Eskapularyong ito sa labas sa Sagradong Lugar na ito."

### Ika-12 ng Pebrero 1971.


*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon, nagdurugo mula sa lahat ng Kanyang mga Sugat, ay nagpakita kay Clemente Domínguez. Ang seer ay nagtanong sa Kanya: bakit dumating Kang nagdurugo, Panginoon?*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Nakatatawa bang magsuot ng Banal na Eskapularyo sa labas, magbigay ng testimonya sa inyong Pananampalataya? Si Satanas ba ay makapagpipilit nang madalas na magsuot kayo ng Banal na Eskapularyong ito, kung ang Eskapularyong ito ay mismong para itaboy si Satanas? Tingnan ninyo, Aking mga anak: ang Eskapularyong ito ay isang teribleng puwersa na hindi kayang labanan ng kaaway. Kinakailangang lahat kayo ay magsuot nito sa labas.

Binabalaan Ko kayo: simula sa araw na ito, iyong





mga pumupunta nang regular sa Lugar na ito at hindi magsuot ng Banal na Eskapularyo sa labas ay malalagay sa peligrong tandaan ni Satanas, na aking bibigyan ng kalayaan para gawin ito. Tingnan ninyo, ang sinumang nagtataglay ng senyal ng Halimaw ay magdurusa nang terible.

Aking mga anak: hindi mabilang na mga kaluluwa ang nasa Langit dahil sa Banal na mga Krusada. Lahat sila ay nagdala ng mga watawat na may Sagisag Ko at ng sa Pinakabanal na Birhen, at hinarap ang kanilang mga kaaway nang hindi kinonsidera na maaaring mawala ang kanilang katawang buhay.

Ang oras ay dumating na para sa katapangan at paglibak kung kinakailangan sa pagtanggol sa Akin. Tingnan ninyo, mayroon itong Mukha Ko, Sagradong Puso Ko at ng Aking Pinakabanal na Ina. Sa tatlong Reparasyong ito nakasalalay ang kaligtasan ng mundo.

Tingnan ninyo, Aking mga anak, tayo ay nasa Huling mga Panahon na, at dapat kayo ay magpatuloy nang may kapakumbabaan at pagpapasailalim. Solemne Kong ipinapangako sainyo na doon sa lahat na pumupunta sa Sagradong Lugar na ito na may suot ng Banal na Eskapularyo ng Aking Banal na Mukha at ng Sagradong mga Puso sa labas sa kanilang mga dibdib, ay bibigyan Ko ng pinakadakilang mga grasya, pahupain ang mga kastigo ng Langit para sa kanila at magdadala ng kapayapaan sa kanilang mga tahanan. Tapang, Aking mga anak! Ipagpatuloy ninyo ang inyong Pananampalataya! Laging magsuot ng Banal na Eskapularyo, magbigay ng testimonya para sa Akin at sa inyong Ina. Bibigyan Ko ng sobra-sobrang mga grasya ang doon sa nagpapalaganap ng pagsuot ng Eskapularyong ito, at ang kanilang korona sa Kaharian ng Langit ay mas malaki.”

**Ika-15 ng Pebrero 1971.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at, tinukoy ang Mensahe ng Panginoon noong ika-12 ng Pebrero 1971, ngayon ay binigyan siya ng sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel

“Nais Ko ring lahat kayo ay magsuot ng Banal



na Eskapularyo ng Aking Banal na Anak na si Hesus na may Kanyang Sagradong Puso at Aking Imakuladang Puso, lagi sa inyong dibdib. Paramihin ninyo ang Banal na mga Eskapularyong ito.

Tingnan ninyo: si Arkanghel San Miguel ay nakaukit ang Banal na Mukha ni Hesus sa kanyang kalasag para labanan ang rebeldeng mga anghel. Tularan ninyo si San Miguel."

**Ika-26 ng Septyembre 1971.**

*(Italya. Katedral ng Turin. Kapilya ng Banal na Lambong. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Aking anak: Ipaabot mo sa sangkatauhan na ito ang tunay Kong larawan: Ang Banal na Lambong ng Turin. Hayaang ang mundo ay tanggapin ang Sagradong Misteryong ito: ito ang larawan ng Aking Katawan, kung saan ang Aking Pinakabanal na Mukha ay napakaliwanag. Hayaang malaman ng mundo na ito ang oras ng Sagradong Mukha. Kung kaya ninais Ko ang adorasyon at benerasyon Dito sa lahat ng dako ng mundo, upang ang Galit ng Eternal na Ama ay maghupa, sa pagkakaroon ng kaligayahan sa Mukha ng Kanyang Pinili. Sa pagmumuni-muni ng Aking Pinakasagradong Pasyon sa harap ng Aking Banal na Mukha, ay nararamdaman ng puso ang nalalapit na Redemsyon at ang mga grasya ay labis-labis.

Mga Italyano, mga Pranses, mga Purtuguese, mga Espanyol! Dumulog kayo sa Sagradong Lugar ng El



Palmar de Troya sa Espanya, kung saan ang kopya ng Aking Sagradong Mukha ay binibigyang pugay, na kung saan saganang mga grasya ay ihuhulog sa Simbahan at sa Mundo. Hinihingi Ko sa lahat kung saan ang Mensaheng ito ay makararating na palaganapin ang debosyon sa Aking Sagradong Mukha saan mang dako, na ipalaganap Ito at maging mga apostoles ng Banal na Mukha, na sisinag nang mas maliwanag sa Kaharian ng Ama at magiging sila ang makakikita ng Aking Mukha na may pinakamaliwanag sa eternidad."

**Ika-2 ng Pebrero 1974.**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Pista ng Presentasyon ng Ating Panginoong Hesuskristo at Puripikasyon ng Pinakabanal na Birhen. Unang Sabado ng buwan. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Pinakabanal na Birheng Maria







Mahal kong mga anak: salamat sainyo lahat, kayong mga pumunta dito sa Sagradong Lugar sa pinakasolemneng araw na ito kung saan ang Ikaapat na Anibersaryo ng Pinakasolemneng Pagsasatrono ng Banal na Mukha ng Aking Banal na Anak ay ginugunita; sa Banal na Mukhang ito, na siyang Araw na magbibigay ng liwanag sa lahat ng sangkatauhan; ng Banal na Mukhang ito na sumisinag ng liwanag para sa lahat ng taong may mabuting kalooban sa lahat ng bansa.

Ang pagsasatrono sa Banal na Bundok na ito sa Banal na Mukha ni Hesukristo, Hari ng mga Hari, ay hiniling sa pamamagitan ng mabilisang plano ng Kapita-pitagang Trinidad.

Gaano karaming mga biyaya ang natanggap ng Lugar na ito at ng mga deboto nito simula nang ang Sagradong Mukha ay isinatrono! At gaano kalayo ang infernal na kaaway ay lumayo!

Aking maliliit na mga anak: anong katakutan at pagkataranta ang nadarama ni Satanas sa Banal na Mukha! Hindi ninyo ito maisip. Kung kaya, sa loob ng barandilyang ito, ay garantisadong si Satanas ay umaakto ng may kaunting kapangyarihan. At ang marami ay ayaw na isipin iyon. Tingnan at obserbahan ninyo na, kapag kayo ay nagdarasal dito, kayo ay nagdarasal sa harap ng salamin ng Kabanalan: Iyang Pinakasagradong Mukha na nagtuturo sainyo ng Mapighating



Pasyon para sa inyong kaligtasan.

Aking pinakamamahal na maliliit na mga anak: ipagtanggol ninyo ang Sagradong Lugar na ito sa mga pang-aatake ng Infernal na Dragon. Pangalagaan ninyo ang Pinakasagradong Mukhang ito, na at magiging Liwanag ng Mundo. Sa kasamaang-palad, hindi lahat ay sumasang-ayon sa kung ano ang sinasabi Ko sainyo.

Pinakamamahal Kong maliliit na mga anak: nakikita ninyo ang pagdarasal at penitensya at sakripisyong ginagawa sa harap ng Sagradong Mukhang ito. At sa gayon ang Galit ng Eternal na Ama ay humuhupa. At sa gayon hindi na nakikita pa ang maraming mga bagay na mayroon sa mundo, dahil ang Kanyang mga mata ay nakasentro sa Mukha ng Kanyang Pinili. Masaya kayo, iyong mga nanditong nagdiriwang ng kaganapang ito; dahil ang Anibersaryo ng Pagsasatrono ng Pinakasagradong Mukha ni Hesukristo ay napakadakilang kaganapan. Ito ay hindi isang ordinaryong araw lamang. Ito ay napakasolemneng araw, dahil ito ay may kinalaman sa kabutihan ng mga kaluluwang pumupunta sa Sagradong Lugar na ito na nanggaling pa sa iba't- ibang mga bansa.

Ang Banal na Mukhang ito, sinasamba at binibigyang pugay sa Lugar na ito, ay ipinalalaganap sa bawa't sulok ng mundo. Ito ay lumaganap na sa maraming mga bansa, at namumuno sa mga tahanan ng mga deboto ng Lugar na ito. Sa rasong ito, ang Galit ng Eternal na Ama ay humuhupa. Nasa sainyo, Aking mahal na mga anak, para mas mapalaganap pa itong pinakamatamis na debosyon sa Pinakasagrado at Mapayapang Mukha ng inyong Tagapagligtas.

Aking mahal na mga anak, tatanungin Ko kayo, hindi man lamang ba ninyo nakikita ang kamahalan ng Diyos sa Banal na Mukha? Hindi man lamang ba ninyo nasusulyapan ang Kanyang Walang hanggang Kapangyarihan? Magnilay kayo sa harap ng Mukhang ito, sa harap ng Matamis na Mukhang ito, at makararamdam kayo ng kasiyahan at makatatanggap ng mga biyaya at mga grasya.

Tingnan niyo, Aking maliliit na mga





anak: ngayon ang buong Sagradong Lugar na ito ay puno ng mga Anghel, nagsasaya, umaawit ng mga papuri sa Diyos. At alam ba ninyo kung saan nakatutok ang mga titig ng mga Anghel? Sila ay nakatitig sa Pinakasagradong Mukha.

O Aking maliliit na mga anak: hinding-hindi ninyo mauunawaan ang kahalagahan ng Debosyon sa Banal na Mukha, lalo na sa Huling mga Panahong ito! Ang araw ay darating na kung saan ang Pinakasagradong Mukha ni Hesukristo ay makikita ng lahat ng sangkatauhan, sa araw na iyon ay Maluwalhati. Subali't para makuha ang grasyang iyon, una ay kinakailangang gumawa ng reparasyon sa Kanyang nasaktang Sagradong Mukha.

Kaawa-awang mga kaluluwa, iyong kaunting lumayo sa Banal na Mukha! Kaawa-awang mga kaluluwa! Hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa! Hindi nila naiisip ang mga grasyang kanilang nawala! Magsaya kayo sainyong mga sarili, at magpasalamat sa Langit, sapagka't may kaligayahan kayong sumamba at magpugay sa Sagradong Mukha dito sa Pinakasagradong Bundok ni Kristong Hari.

Aking mahal na mga anak, sa lahat ng naririto: Nawa ang Banal na Mukha ni Hesukristo ay tumagos sa inyong mga puso at maging lubos na kaisa sa mga iyon na Ito ay maging pangako ng inyong kaligtasan. O Aking maliliit na mga anak: Anong kaligayahan sa Langit na makita ang mga grupong ito mapagpakumbabang lumuluhod at sumasamba sa Mukha ni Hesukristo! Totoong ang lahat ng debosyon ay mabuti at kapaki-pakinabang at naghahatid sa Langit. Nguni't ang isang ito, ang sa Banal na Mukha ay may

napakaespesyal na kahulugan sa pamamagitan ng madaliang nais ng Kapita-pitagang Trinidad. Ang Mukha ay ang representasyon ng dignidad ng tao, at si Kristo ay nasaktan sa katulad na dignidad na iyon. Kung kaya si Kristo ay kinakailangang tumanggap ng reparasyon sa kaparehong dignidad na inirerepresenta ng Kanyang Pinakasagradong Mukha. Ang mukha ay ang salamin ng kaluluwa. Kayo, bilang tapat na mga deboto ng Sagradong Mukha, ay kinakailangang punasan ito ng inyong

mga panalangin, kinakailangan ninyong linisin ito, palambutin ang katakut-takot na mga pasa na mayroon ito, alisin ang mga tinik. At paano? Sa pamamagitan ng panalangin at sakripisyo sa harap ng Kanyang Banal na Mukha.

Sinisiguro Ko sainyo, Aking mahal na mga anak, na ang lahat ng mga deboto ng Banal na Mukha ay mabibigyan ng malaking liwanag upang maunawaan ang mga Misteryo ng Huling mga Panahon. Ibinibigay Ko sainyo ang Aking pagsiguro bilang Ina, Aking mahal na mga anak: iyong lahat na nagpopropeso ng espesyal na pagmamahal para sa Banal na Mukha ay kahanga-hangang mabibigyan ng babala sa mga panganib at mga sakuna, at napakaespesyal na maliliwanagan; at sila ay iyong magiging napakalapit sa Panginoon sa sariling bayan sa Langit. Ang mga deboto ng Banal na Mukha ay magkakaroon ng mga grasyang ito. Huwag ninyong hayaang mawala ang mga ito, Aking mahal na mga anak, dahil ang mga iyon ay madali ring mawala.



Aking mahal na mga anak: sa inyong mga tahanan, araw-araw, subukin ninyong magkaroon ng panalangin, kahit na maikli lamang, patungkol sa Banal na Mukha ni Hesukristo. Sa pagbangon huwag kalimutang batiin ang Mukha ni Hesus, at bago matulog huwag kalimutang humingi ng kanyang basbas. Sa pamumuhay nang ganito kayo ay makararating ng napakasaya sa sariling bayan sa Langit.

Isang araw, hindi na matagal, ang Banal na Mukha ay makikita sa kalangitan ng Espanya, ang simbulo ng Dakilang Caudillo ng Tajo. Ang mga kaaway ng Diyos at ng Espanya, sa pagkakita sa Banal na Mukha ay aatras at ang Caudillo ng Tajo ay magtatagumpay. Kinakailangang agad na ang Espanya ay ikonsagra sa Banal na Mukha ni Hesukristo, dahil matayog na mga plano ang inihahanda sa Bansang ito para sa Apostolado sa Huling mga Panahon. At ang lahat ng mga ito ay dapat makuha, nang may mas malaking grasya, sa Solemneng Konsagrasyong ito ng buong Espanya sa Banal na Mukha."



## Ika-13 ng Pebrero 1975.

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga alas 10:00 ng gabi, habang ang lahat ay nagdarasal, si Clemente Domínguez ay nagkaroon ng ekstasi sa presensya ng Pinakabanal na Birheng Maria, na ibinigay ang Banal na Bata sa kanya. Pagkatapos ang Panginoon ay nagpakita at ibinigay kay Clemente ang sumusunod na Mensahe:)*

Ang Ating Panginoong Hesukristo

"Huwag ninyong kalimutan, Aking mahal na mga anak, na dito ay ang paglalarawan ng Aking Banal na Mukha, na nangangahulugang 'Liwanag ng Diyos para sa Mundo'. Hayaang ang Liwanag ng Aking Mukha ay matakpan ang sangkatauhan. At huwag kalilimutang ang Aking Sagradong Mukha ay isang pananggalang laban sa kung saan ang Galit ng Ama ay humahampas at napipigilan sa pagbagsak sa mga anak.





Masdan ninyo ang Aking Sagradong Mukha na nakahantad sa gitna ng mundo, para tumanggap ng Galit ng Ama at magbigay ng Liwanag sa mga tao.

Hayaang ang mundo ay maghanda para sa darating na mga kaganapan! Maghanda, lubos na handa, na may sandata ng panalangin, penitensya, sakripisyo, pagpapakasakit! At ang lahat ay dapat alalahaning ang Aking Sagradong Mukha ay nagrerepresenta ng Banal na Liwanag na bumaba para sa mga tao.




Doon sa mga nagninilay sa mga panghahamak na natanggap ng Aking Sagradong Mukha ay hindi matataranta; sila ay mananahan sa Liwanag at mapepreserba sa darating na karimlan. At sa gayon, sa pagpugay sa Sagradong Mukhang ito,  ay mauunawaan ninyo ang mga Sinag ng Pagmamahal na nanggagaling sa Aking Sagradong Puso. Subali't dapat muna ninyong maunawaan ang mga panghahamak na natanggap ng Aking Sagradong Mukha: ang Anak ng Kataas-taasan ibinigay ang Kanyang Mukha para duraan, sampalin at tuyain, at sa ganoong paraan ay para  mapahupa ang Galit ng Ama at iligtas ang tao.  Kung pagninilayan ninyo nang mabuti ang Sagradong Mukhang ito ay perpekto ninyong mauunawaan ang sariling pagsuko ng

Pinakasagradong Pusong ito. Iyong mga

nakatatanggap ng Liwanag ng Mukha ay lumalagos sa Liwanag ng Puso.

O pinakamamahal na maliliit na mga anak! Ilang mga baliw mayroon sa mundo na tumatanggi sa Liwanag ng Aking Mukha, at sa gayon ay hindi makaunawa sa mga kasiyahan ng Aking Puso! Dahil ikonsidera ninyo sa inyong mga sarili: anong uri ng tao na may mabuting damdamin, na nakikita itong nasasaktan, sinasampal, dinispigura ang mukha, ang hindi nakararamdam ng tama sa kanyang puso at mamatay sa pighati, na nakikitang ang Mukha ng kanyang Kristo ay labis na pinahirapan? Anong taong may utang na loob sa Diyos, sa pagkakita sa Mukha ng kanyang Kristo na puno ng sakit, dura, ang hindi magnilay na ito ay para sa kanyang kaligtasan at para sa lahat ng taong nais na makamit para sa kanilang mga sarili ang pinakamatamis na Redemsyong ito?

Ang Aking Mukha ay magliliwanag sa katapusan ng panahon at magbibigay ng Liwanag sa mga anak ng inuusig na Simbahan, sa mga anak ng mga katakumba. Kapag ang kapangyarihan ng Antikristo ay dumating, at ang Mukhang ito ay maging hantad sa mundo, ang lahat ng Aking mga anak na inusig ay makararamdam ng proteksyon sa pamamagitan ng Liwanag na nanggagaling sa Aking Mukha.

Kaawa-awang sangkatauhan, na binabalewala ang Liwanag na ito, hindi nila alam na diyan sa Aking Mukha ay ang salamin ng Sariling Bayan sa Langit, na sa pamamagitan ng mabuting pagninilay sa Sagradong Mukha, ay nauunawaan ang Pagmamahal ng Diyos mismo, na naging Tao, na nagpakumbaba ng Kanyang sarili, na nagdusa, na nagdanas ng persekusyon, Krusipiksyon, at pagkatapos ay nabuhay na muli para buksan ang Langit sa lahat ng tao! Miserableng mga tao, gaano sila kabaliw! Nais lamang nilang mapasakanila ang mundo sa pamamagitan ng materyalistikong paraan, at hindi nila alam, o hindi gustong malaman, na para makamtan ang mundong ito sa kapayapaan, ay kinakailangan nilang maglagos dito sa pinakamatamis na debosyon sa Aking Sagradong Mukha. Kapag ang Aking Mukha ay nakahantad para bigyang pugay ng lahat ng sangkatauhan, kapag ang lahat ng Aking mga kaaway ay tanggapin Ako bilang Hari, sa



pagmasid sa Mukhang ito, ay doon darating ang kasagutan sa mga problema ng mundo. Hayaan silang huwag nang maghanap ng iba pang paraan, dahil wala silang matatagpuan. Hayaang ang Liwanag ng Aking Mukha ay protektahan kayo lahat. Nawa ang Liwanag na ito ay manatili at magpatuloy sainyo hanggang sa katapusan ng inyong mga araw at maging daan ninyo sa pag-akyat sa Sariling bayan sa Langit, kung saan ay mamamasdan ninyo ang Aking Maluwalhating Mukha magpahanggang pa man."

